

# Pangulong William McKinley
## 1843–1901

Sa pintang ito, hawak ni Pangulong William McKinley ang mapang pinamagatang, "Isla ng Puerto Rico." Nakatatak sa dokumento ang petsang Hulyo 25, 1898, ang araw na sumalakay ang hukbo ng Estados Unidos sa Puerto Rico noong Digmaan ng 1898. Ang kolum na may nakadapong agila, lalagyan ng tinta, at panulat sa mesa ay pawang nagpapahiwatig ng panibagong kabanata ng kasaysayan ng Estados Unidos na isusulat ni McKinley.

Kilala ang dakilang artist na si Francisco Oller y Cestero sa kanyang mga tropikal na still life, tanawin, at portrait ng mga intelektuwal na nagpapahayag ng identidad na Puerto Rican. Nagsilbi bilang pintor ng Korte ng Espanya noong dekada ng 1870, nakuha niya ang kaparehong katayuan sa ilalim ng bagong kolonyal na pamahalaan ng Estados Unidos matapos ang 1898. Dito, iginuhit niya si McKinley sa isang mahalagang sandali: ang transpormasyon ng Estados Unidos patungong imperyo sa ibayong dagat. Sa pag-angkin sa mga *provincia de ultramar*, o probinsiya sa ibayong dagat ng Espanya sa Caribbean at Pasipiko, binago ng Estados Unidos ang kapalaran ng mga nasa labas—at loob ng bansa.

Francisco Oller y Cestero (1833–1917)
Langis sa kambas, 1898
Koleksiyon ni Dr. Eduardo Pérez at ng kanyang pamilya



# James Monroe
## 1758–1831

Si James Monroe ang ikalimang pangulo ng Estados Unidos, na nagsilbi nang dalawang termino (1817–25). Kagaya ni Thomas Jefferson, naniwala siyang ang pagpapalawak ng teritoryo ay mauuwi sa politikal na konsolidasyon ng Estados Unidos. Gamit ang Pagbili sa Louisiana ng 1803 bilang modelo, matalik na nakipagtrabaho si Monroe sa kanyang kalihim ng estado na si John Quincy Adams, para kumbinsihin ang Espanya na ibenta ang Florida sa Estados Unidos noong 1819.

Pinakamahalagang pamana ni Monroe ang kanyang mensahe sa Kongreso noong Disyembre 2, 1823, na pagkaraan ng ilang dekada ay tinawag na Doktrinang Monroe. Isinulat noong mga himagsikan para sa kalayaan ng Latin America laban sa Espanya (1809–26), idineklara nito ang oposisyon ng Estados Unidos sa higit pang pananakop ng Europa sa mga Amerika, at naging hudyat ng intensiyon ng Estados Unidos na maging nangingibabaw na kapangyarihan sa rehiyon. Noong 1898, ang Doktrinang Monroe ang nagsilbing pangangatwiran ng mga ekspansiyonista para patalsikin ang Espanya sa Caribbean. Gayumpaman, ginamit ng mga anti-ekspansiyonista ang antikolonyal na wika ng Doktrina para kundenahin ang okupasyon ng mga lupain sa ibang bansa.

Chester Harding (1792–1866)
Langis sa kambas, 1829
National Portrait Gallery, Smithsonian Institution; regalo nina John L. at Ann Beal Sanders sa ngalan ng kanilang mga anak na sina Tracy Elizabeth Sanders Justus, Jane Nesbit Sanders, at William Hardy Sanders



# Tatanka Iyotanka (Torong Nakaupo)
## c. 1831–1890

Si Torong Nakaupo (Hunkpapa Lakota) ay isa sa mga Katutubong pinuno na tumutol sa pakanlurang pagpapalawak ng Estados Unidos noong mga dekada ng 1860 at 1870. Apektado ang mga bansang Lakota noong panahong ito. Noong 1868, pinirmahan niya ang Ikalawang Kasunduan ng Fort Laramie, na kumilala sa Black Hills bilang teritoryong Lakota. Labag man sa kasunduang ito, sinalakay pa rin ng hukbo ng Estados Unidos ang teritoryo noong 1876, kasabay ng kanilang tangkang puwersahin ang mamamayang Lakota na tumira sa isang laang lupa. Nagpasiklab ito ng digmaan.

Matapos ang Labanan sa Malangis na Damo (Labanan sa Little Bighorn) noong Hunyo 25, 1876, hinabol ng hukbo ng Estados Unidos, sa pangunguna ni Nelson S. Miles (*kanan*), ang mga Lakota na sumunod kay Torong Nakaupo patungong Canada. Noong 1881, napuwersang sumuko si Torong Nakaupo dahil sa tagsalat. Kalaunan, pangungunahan ni Miles ang pag-atake ng Estados Unidos sa Puerto Rico sa Digmaan ng 1898.

Kinuha ang litratong ito habang nakakulong nang halos dalawang taon si Torong Nakaupo sa Fort Randall.

Ipinagpapalagay na si William R. Cross (1839–1907) ang kumuha ng litrato
Karapatang-ari ng Bailey, Dix and Mead
(aktibo noong dekada ng 1880)
Limbag sa albumen na may pilak, 1882
National Portrait Gallery, Smithsonian Institution



# *Labanan sa Malangis na Damo* (*Labanan sa Little Bighorn*)

Noong 1876, libo-libong Lakota, Cheyenne, at Arapho ang nagtipon sa isang nayon sa pampang ng Ilog Malangis na Damo sa lugar na tinatawag ngayong Montana. Sa Hunyo 25 ng taong iyon, pinangunahan ni Tinyente Koronel George A. Custer ang pag-atake ng Ikapitong Kabalyeriya sa nayon. Kasama ang tinatayang dalawang libong Sioux, tinutulan o nilabanan si Custer at ang kanyang mga tauhan nina Torong Nakaupo (*kaliwa*), Baliw na Kabayo, at iba pang pinuno, na nakapagdulot ng di-inaasahang pagkatalo sa Hukbo ng Estados Unidos. Hindi na makararanas muli ang Hukbo ng karumal-dumal na pagkabigo bago ang labanan sa Balangiga sa Pilipinas noong 1901.

Ang pinta sa telang muslin na ito ay ginawa ni Amos Torong Nasasaktan ang Puso (Oglála Lakota), na kilala rin bilang Waŋblí Wapȟáha (Boneteng Agila), at binubuo nito ang mga pabigkas na tradisyong pangkasaysayang Oglála. Gumamit si Torong Nasasaktan ang Puso ng malinaw na balangkas nang may nagsasanib na mga pigura para magpahayag ng lalim at magpakita ng malayong tanaw sa animnapung indibidwal na pigurang nakikidigma. Ipinapakita rin ng pag-uulit ng mga pigura ng tao ang walang humpay na pagdedepensa sa labanan ng mga Katutubong Amerikano.

Amos Torong Nasasaktan ang Puso (1869–1913)
Pinta sa telang muslin, hindi tukoy ang petsa
Department of Anthropology, National Museum of Natural History, Smithsonian Institution



# Nelson A. Miles
## 1839–1925

Bago ang pagpaplano at pamumuno sa pagsalakay ng Estados Unidos sa Puerto Rico noong Digmaan ng 1898, nagsilbi si Nelson Appleton Miles sa Digmaang Sibil ng Estados Unidos (1861–65) at sa mga Digmaang Indian noong mga dekada ng 1870 at 1880. Pinamunuan niya ang kampanya laban sa mga Katutubong Amerikano, kasama na ang pagwawagi kina Geronimo (Chiricahua Apache) at Pinunong Joseph (Nez Perce). Matapos ang Labanan sa Malangis na Damo noong 1876, hinabol ni Miles ang mga Lakota papunta sa Canada. Nang magbalik sila sa Estados Unidos noong 1881 at sumuko, hinuli niya si Torong Nakaupo.

Habang naglalayag si Miles malapit sa timog na baybayin ng Puerto Rico noong 1898, pinaalala sa kanya ng tanawin ng mga bapor ng Estados Unidos ang kanyang mga karanasan sa pakikipaglaban sa mga Amerikanong Indian. Kalaunan, noong 1901, nagbalik-tanaw siya, "Sinumang pamilyar sa kanlurang kapatagan sangkapat na siglo na ang nakararaan ay parang napaalalahan na rin ng pangkat ng malalaking gray wolf na buong ingat at tahimik na gumagalaw sa mga anino ng gabi, o sa malamlam na liwanag na naghahatid ng bukang-liwayway, patungo sa kanilang biktima."

David Francis Barry (1854–1934)
Limbag sa albumen na may pilak, c. 1895
National Portrait Gallery, Smithsonian Institution



# Henry Cabot Lodge
## 1850–1924

Pinangarap ng Senador ng Massachusetts na si Henry Cabot Lodge na maging pinunong pandaigdig ang Estados Unidos. Naniwala siya sa pagpapatupad ng Doktrinang Monroe, na kumontra sa kolonyalismong Europeo sa mga Amerika, at kritikal sa pagpapanatili ng "makatwirang pamamayani sa Kanlurang Hating-Daigdig" ng Estados Unidos. Bilang pagyakap sa mga ideya ng teoristang pandagat na si Thayer Mahan (*may litrato malapit dito*), isinulong ni Lodge ang modernisasyon ng Hukbong Pandagat ng Estados Unidos at ang pagkuha sa mga daungan sa ibayong dagat bilang estasyon ng uling at baseng pangkalakalan. Gaya ng malapit niyang kaibigan at politikal na kaalyadong si Theodore Roosevelt, itinuring ni Lodge ang Cuba, Puerto Rico, at Hawai'i bilang kanais-nais na base.

Matapos ang pagsabog ng USS *Maine* sa Havana Harbor noong Pebrero 15, 1898, masigasig na sinuportahan ni Lodge ang himagsikan laban sa Espanya, na itinuring niya bilang pagkakataon para makakuha ng heopolitikal na kapangyarihan at mga teritoryo sa ibayong dagat. Kalaunan, isusulong niya ang pagtatayo ng Panama Canal para mapag-ugnay ang Dagat Atlantiko at Pasipiko at mapagtibay ang kapangyarihan ng Estados Unidos sa mga Amerika.

John Singer Sargent (1856–1925)
Langis sa kambas, 1890
National Portrait Gallery, Smithsonian Institution;
regalo ng Kagalang-galang Henry Cabot Lodge



# Haring Kalākaua I
## (David La‘amea Kalākaua)
### 1836–1891

Ipinanganak sa Honolulu at pinalaki sa korte ni Haring Kamehameha III, si David Kalākaua ay hinalal bilang hari ng Hawaii noong 1874. Markado ang kanyang pamumuno ng politikal at ekonomikong pag-angat ng mga puting dayuhan, kasama na ang apo ng mga misyoneryo mula sa New England na dumating noong 1820s. Nakasaklang sa pagitan ng mundo ng Kalākaua Maoli, o Katutubong Hawaiian, at sa lumalakas na mga Anglo-Amerikano sa Hawai‘i, nilinang ni Kalākaua ang mga internasyonal na diplomatikong ugnayan para mapalakas ang kanyang kaharian.

Nakadokumento sa broadside na ito ang biyahe ni Kalakaua sa Washington, D.C., noong kauupo niya lang sa trono. Sa kanyang pagbisita, nakipagkita si Kalākaua kay Pangulong Ulysses S. Grant at naglatag ng batayan ng isang kasunduan ng tumbasan na magbibigay-daan sa pagluluwas ng produkto ng mga Anglo-Amerikanong nagtatanim ng asukal sa Hawai‘i patungong Estados Unidos nang walang taripa. Naaprubahan matapos ang isang taon, nagtaguyod ang kasunduan ng paglago ng industriya ng asukal ng Hawai‘i. Kalaunan, ginawang mas kaakit-akit ng masiglang ekonomiya ang arkipelago para sa pagkamkam dito ng Estados Unidos.

Hindi tukoy ang artist, batay sa Bradley & Rulofson
Ukit, 1875
National Portrait Gallery, Smithsonian Institution;
binili gamit ang masaganang kontribusyon sa
Victor Proetz Memorial Fund



# Theodore Roosevelt
## 1858–1919

Bilang Katuwang na Kalihim ng Hukbong Pandagat mula 1897 hanggang 1898, pinamunuan ni Theodore Roosevelt ang pagpapagawa ng dalawampu't anim na bagong bakal na bapor. Matapos ang pagsabog ng USS *Maine*, isinulat ni Roosevelt: "Kung hindi tayo lalaban alang-alang sa pagpapasabog ng MAINE... hindi na tayo karapat-dapat humarap sa mga bansa ng mundo." Naging pangalawang pinuno si Roosevelt ng Unang Boluntaryong Kabalyeriya, na kilala bilang "Magagaspang na Mangangabayo," sa kampanyang pang-Cuba ng digmaan.

Ang larawang ito, na ginawa ni Charles Dana Gibson, ay nagpapakita kung paano hinulma ni Roosevelt ang kanyang imahen noong panahon ng digmaan. Sa halip na magsuot ng unipormeng bigay ng Hukbo, nagpagawa siya ng maisusuot sa Brooks Brothers, isang tindahan ng mamahaling damit panlalaki. Kasama ang guhit na ito sa inilathala niyang memoir bilang tinyente koronel ng "Magagaspang na Mangangabayo" sa isyu ng *Scribner's* noong Enero 1899. Nakatulong ang kasikatan ni Roosevelt sa kanyang mga politikal na mithiin. Pinili siyang katambal ni Pangulong William McKinley bago magsimula ang halalan sa pagkapangulo noong 1900.

Charles Dana Gibson (1867–1944)
Grapito at krayolang conté sa papel, 1898
National Portrait Gallery, Smithsonian Institution



# *Paggawa ng Bapor Pandigma,* Ang Maine
1758–1831

Noong Enero 25, 1898, dumating ang bapor pandigmang USS *Maine* sa katubigan ng Havana. Misyon nito na pangalagaan ang mga mamamayan ng Estados Unidos na nalagay sa alanganin dahil sa mga kaguluhang kaugnay ng nagaganap na Himagsikan ng Cuba para sa Kalayaan (1895–98). Nakaangkla ang bapor sa Havana Harbor nang misteryoso itong sumabog at lumubog noong Pebrero 15, 1898. Mahigit 260 marino ng Estados Unidos ang namatay sa aksidente, na malamang ay dulot ng mga pumutok na hurno. Sa kabila ng lahat, marami sa Estados Unidos ang isinisi ito sa pagsalakay ng mga Espanyol.

Ang pintang ito, na gawa ni Carlton Theodore Chapman, ay ipinapakita ang bapor na nakagarahe habang inaayos. Kumikinang ang pula nitong pinturang panlaban sa pagkasira. Ginawa noong 1888 at kinomisyon noong 1895, kasama ang *Maine* sa mga unang nakabaluting sasakyan ng "bagong" Hukbong Pandagat ng Estados Unidos. Sinadya marahil ni Chapman na maging biswal na rekord ng modernisasyon ng hukbong pandagat ang pintang ito, pero gumagana rin ito bilang larawan ng lakas pandagat ng Estados Unidos.

Carlton T. Chapman (1860–25)
Langis sa kambas, 1888–95
New-York Historical Society; regalo ni Gng.
Carlton T. Chapman



# *Pagpasok ng mga Hilagang Amerikano sa Guánica Bay*

Matapos sumuko ng mga Espanyol sa Maynila at Santiago de Cuba, naglunsad ng kampanya sa Puerto Rico ang militar ng Estados Unidos. Binalak ni Heneral Nelson Miles (*may larawan malapit dito*) na bumaba sa silangang bayan ng Fajardo pero binago niya ang estratehiya, marahil para gulatin ang mga puwersang Epanyol. Sa bukang-liwayway ng Hulyo 25, 1898, dumaan ang USS *Gloucester* sa timog na bahagi ng look ng Guánica, at nagpaputok sa inaantok na bayan. Sumunod ang USS *Massachusetts*, *Columbia*, *Dixie*, at *Yale*, na may 3,415 tropa.

Posibleng batay sa isang itim-at-puting larawan, gumagamit ang pintang ito ng tanaw mula sa itaas para gawing mas nakakatakot ang pila ng mga bakal na sasakyang puno ng armas. Tumutulong ang maliliit na bangka sa pagbababa ng mga tropa habang nagtatayo ng kampo ang mga sundalo sa mabuhanging baybayin ng Barrio Carenero. Sa kabila ng mapagbantang representasyon na ito, kakarampot ang naengkuwentrong paglaban ng puwersa ng Estados Unidos mula sa mga Espanyol sa Guánica at sa timog ng Puerto Rico, kung saan mataas ang diskontento sa Espanya. Bago pa matapos ang tatlong linggo, okupado na ng Estados Unidos ang isla.

Hindi tukoy ang artist
Watercolor sa kambas, c. 1898–1950
Koleksiyon ng Aldarondo and López-Bras, LLC, Attorneys at Law



# Almirante George Dewey
## 1837–1917

Noong Mayo 1, 1898, umugong ang mga unang putok ng Digmaan ng 1898 sa ilalim ng pamumuno ni Komodor George Dewey. Winasak ng anim na bapor pandigma ng Estados Unidos na nakaestasyon sa Hong Kong, na kilala sa pangalang Eskuwadrong Asyatiko, ang plotilya ng mga Espanyol na nakadaong sa Look ng Maynila. Kaunti lamang ang natamo nilang pinsala. Matapos ang Labanan sa Look ng Maynila, labis na pinuri at sumikat si Dewey at itinaas ang kanyang ranggo patungong almirante. Mula 1899 hanggang pumanaw siya noong 1917, hinawakan niya ang isang makapangyarihang posisyon ng pamumuno bilang pangulo ng Pangkalahatang Kalupunan ng Kagawaran ng Hukbong Pandagat, na gumagawa ng mga polisiyang pandagat.

Pangulo si Charles Schwab ng Carnegie Steel Company nong 1900, nang komisyunin niya ang Pranses na portraitist na si Théobald Chartran upang iguhit si Dewey at ang kanyang asawang si Mildred Hazen Dewey, bilang parangal sa kapangyarihang pandagat ng Estados Unidos. Maaaring tingnan ang mga kinumisyong larawan ni Schwab bilang pamamaraan ng industriyalista para mapanatili ang impluwensiya niya sa Hukbong Pandagat ng Estados Unidos—at sa milyon-milyong dolyar na ginastos sa bakal para gawing nakabaluting bapor pandigma ang mga plota nito.

Théobald Chartran (1849–1907)
Langis sa kambas, 1900
National Portrait Gallery, Smithsonian Institution;
pamana ni Frederick McLean Bugher



# *Labanan sa Look ng Maynila*
## *Mayo 1, 1898*

Noong Pebrero 25, 1898, nagpadala ng telegrama ang Katuwang na Kalihim ng Hukbong Pandagat na si Theodore Roosevelt kay Komodor George Dewey, na nag-uutos sa kanyang ihanda ang mga bapor sa Hong Kong. Matapos magdeklara ng digmaan sa Espanya ang Estados Unidos noong Abril, nagbiyahe patungong Pilipinas ang Eskuwadrong Asyatiko ni Dewey, na binubuo ng anim na sasakyang nakabalot ng bakal. Sa Mayo 1, pinaputukan ng mga bapor ni Dewey ang pitong walang baluting bapor ni Kontraalmirante Patricio Montojo y Pasarón, na nauwi sa pagkawasak ng buong plota ng Espanya.

Nasaksihan ni Ildefonso Sanz y Doménech, isang Espanyol na mediko opisyal na nakasakay sa kruserong *Isla de Luzón*, ang unang tagumpay ng Estados Unidos sa digmaan laban sa Espanya. Kalaunan, gumawa siya ng rekord ng labanan sa isang serye ng mga pintang langis. Gamit ang imahen ng mga nabugbog na bapor ng Espanya bilang tanawin sa likuran, ipinakita ni Sanz y Doménech ang USS *Olympia* na pinamumunuan ang USS *Baltimore, Raleigh, Concord, Petrel*, at *Boston* sa hanay ng pakikipaglaban.

Ildefonso Sanz y Doménech (1863–1937)
Langis sa kambas, 1899
The Army and Navy Club Library Trust,
Washington, D.C.



# Alfred Thayer Mahan
## 1840–1914

Noong dekada ng 1880, isinulong ng opisyal sa hukbong pandagat na si Alfred Thayer Mahan ang kanyang konsepto ng kapangyarihang pandagat, o ang kakayahang kontrolin ang karagatan para sa ekonomiko at militar na kapakinabangan. Pinasikat niya ang ideyang ito at iminungkahi ang muling pagpapasigla sa Hukbong Pandagat ng Estados Unidos sa kanyang mahalagang sanaysay noong 1890 na pinamagatang *Ang Impluwensiya ng Kapangyarihang Pandagat sa Kasaysayan, 1660–1783.*

Iginiit ni Mahan na mangangailangan ng merkado sa ibayong dagat ang malabis na produksiyon ng Estados Unidos, pero higit itong mapapakinabangan ng isang bansang "naghahanap ng mapaglalapagan ng ibinebenta nito," at magkakamit ng "mas maraming trabaho para sa kanyang mamamayan, at higit na ginhawa at yaman para sa kanyang sarili." Gayumpaman, para sa pagpapalawak ng ekonomiya at teritoryo, napakahalaga ng modernong hukbong pandagat. Makakamit lamang ito kung lilikha ng de-singaw at bakal na hukbong pandagat na kumikilos nang maramihan at ga-plota. Sa ganitong paraan, magkakaroon ng kakayahan ang Hukbong Pandagat ng Estados Unidos na maglunsad ng opensiba—na susi sa pagkamkam ng mga teritoryo at paglikha ng mga kolonya. Sa huli, ang teorya ng kapangyarihang pandagat ni Mahan ang nagbigay ng intelektuwal na pangangatwiran sa digmaang mula Caribbean hanggang Pasipiko ang sinaklaw.

Alexander Robertson James (1890–1946)
Langis sa kambas, 1945
The Naval War College, Newport,
Rhode Island




# *Mga Pigurang Espanyol sa Digmaang Espanyol-Amerikano*

Markado ng kawalang-katiyakan sa politika ang ikalabinsiyam na siglo ng Espanya. Ipinapakita nitong maka-Estados Unidos na broadside na watak-watak na ang pamumunong politikal at militar ng Espanya at ang natitira nitong probinsiya ng Cuba at Pilipinas. Sa paligid ng sentral na larawan ng Heneral ng Estados Unidos na si Nelson Miles, ipinapakita ng mga litratong nakakuwadro ng medalyon sina Reyna Maria Cristina, Rehente ng Espanya (1858–1929); ang kanyang anak na si Haring Alfonso XIII (1886–1941); Práxedes Mateo Sagasta, Punong Ministro (1825–1903); Enrique Dupuy de Lôme, Ministro ng Espanya sa Estados Unidos mula 1892 hanggang 1898 (1851–1904); Valeriano Weyler (1838–1930), Gobernador Heneral ng Cuba sa pagitan ng 1896 at 1897; at Basilio Agustín y Dávila (1840–1910), Gobernador Heneral ng Pilipinas noong 1898; Don Carlos VII, Duke ng Madrid (1848–1909), na naghahabol sa trono ng Espanya mula pa noong 1868. Ipinahihiwatig nito ang kawalan ng pagkakaisa ng mga Espanyol.

Ang pahinang ito, mula sa hindi tukoy na pahayagan, ay matingkad na halimbawa kung paano pinawi ng mga publikasyon sa Estados Unidos ang uhaw ng publiko para sa impormasyon tungkol sa "kalaban" at sa mga kampanyang militar sa malalayong lupain.

Franklin Company
Isinaling litograpiya, c. 1898
Pribadong koleksiyon



LEGACIÓN DE ESPAÑA.
WASHINGTON.

Excmo. Señor
Don José Canalejas

Mi distinguido y querido amigo,
No tiene V. que pedirme excusa
por no haberme escrito, yo debí
también haberlo hecho y lo
he dejado por estar abrumado
de trabajo y nous sommes quittes.
Aquí continúa la situación
lo mismo. Todo depende del
éxito político y militar en Cuba

# Liham ni Señor Don Enrique Dupuy de Lôme kay Señor Don José Canalejas

Habang patuloy na tumutok ang Hukbong Pandagat ng Estados Unidos sa modernisasyon, isang mabigat na insidenteng diplomatiko ang nagpaligalig sa ugnayan ng Estados Unidos at Espanya. Noong Pebrero 9, 1898, inilathala ni William Randolph Hearst sa kanyang *New York Journal* ang isang liham na nakuha ng mga rebeldeng Kubano. Isinulat ito ni Don Enrique Dupuy de Lôme, ang Ministro ng Espanya sa Estados Unidos, para kay Don José Canalejas, ang Kalihim ng Espanya para sa Ugnayang Panlabas at patnugot ng *Heraldo de Madrid*. Sa liham, ininsulto niya si Pangulong McKinley, at tinawag siyang "mahina at uhaw sa paghanga ng mga tao." Inilathala sa ilalim ng mapamukaw na pamagat na "Ang Pinakamalalang Insulto sa Kasaysayan ng Estados Unidos," sinilaban ng liham ang matinding galit ng Estados Unidos laban sa Espanya, na nagpalakas ng suporta para sa Digmaan ng 1898.

Reproduksiyon ng una at huling pahina ng liham
Malamang na naisulat sa kalagitnaan ng Disyembre 1897
May pahintulot ng Library of Congress, Washington, D.C.



# *Pesante at Sundalong Espanyol*

Matapos lusubin ng Hukbong Mapagpalaya ng Cuba ang kanlurang bahagi ng isla, at matapos nilang sunugin ang mga plantasyon ng asukal noong taglamig ng 1895–96, tumugon ang pamahalaan ng Espanya sa pamamagitan ng pagtalaga kay Heneral Valeriano Weyler bilang gobernador ng Cuba. Gamit ang polisiyang tinawag na *reconcentración*, inutos ni Weyler sa mga sibilyan na lisanin ang kabukiran at lumipat sa mga binakurang bayan. Layon nitong pigilan ang mga *pacífico* sa lalawigan, o mga taong hindi nakikidigma, na tumulong sa mga *mambise*, o mga rebelde, sa kanilang pakikipaglaban sa Hukbo ng Espanya. Sa 300,000 tao na pinuwersang lumipat, laksa-laksang *reconcentrado* ang namatay dahil sa sakit o gutom.

Isinentro ng pintor na si Armado García Menocal, na nagsilbi sa Hukbong Mapagpalaya ng Cuba, ang kanyang pinta sa pagtatagpo ng isang sundalong Espanyol na nakasakay sa kabayo at isang Kubanong *pacífico*. Nagbibigay ba ang *pacífico* ng mahalagang impormasyon tungkol sa digmaan o iniliiligaw niya ang sundalo? Inilalantad ng katahimikan ng eksenang ito ang tensiyon sa pagitan nitong dalawang sektor ng lipunang Kubano sa panahon ng digma.

Pintang naunang tinawag bilang *Cavalier Cubain*
Armando García Menocal (1863–1942)
Langis sa kambas, 1902
Koleksiyon nina Emilio at Sylvia M. Ortiz



# *Himagsikan ng Cuba: Mga Pinuno at Opisyal ng Rehimyento ng Tarragona na Nakibahagi sa Dakilang Armadong Insidente sa Kuwadra ng Saratoga*

Noong Sampung Taon ng Digmaan (1868–78), nagtayo ang mga Espanyol ng hanay ng mga tanggulan para protektahan ang kanlurang rehiyon ng asukal sa Cuba. Kilala sa pangalang la trocha, ikinulong ng mga harang na ito ang mga rebolusyunaryong Kubano sa silangang probinsiya ng Oriente. Matapos ang dalawang dekada, tatawirin nina Máximo Gómez at Antonio Maceo ang balakid na ito habang lumalaban sa ikatlong Himagsikan ng Cuba para sa Kalayaan, at kakalat ang digmaan sa buong isla. Noong panahong iyon, ang estratehiyang pangmilitar ni Gómez ay hindi lang nakasalalay sa pakikipaglaban kundi pati sa pagsunog sa ari-arian ng mga *peninsulares* (mga Espanyol na isinilang sa tangway ng Iberia) at criollo (apo ng mga Espanyol na isinilang sa Cuba), na nakipagtulungan sa rehimen ng Espanya.

Ang larawang ito na kuha ng militar ng Espanya ay nagtatampok sa mga pinuno ng Rehimyentong Espanyol ng Tarragona na nakibahagi sa laban ng Potrero de Saratoga (Kuwadra ng Saratoga) noong Hunyo 1896. Ang mula-kanluran-pasilangang pagtawid ng mga tropa ni Heneral Gómez sa la trocha ang nagbunsod sa engkuwentrong ito. Nagdeklara ng tagumpay ang magkabilang panig sa paghaharap na ito, na isa sa pinakamadugong labanan ng himagsikan.

Hindi tukoy ang potograpo
Reproduksiyon ng litrato mula 1896
May pahintulot ng Biblioteca Nacional de España



# *Gilingan ng Asukal na may Karwahe*

Ilang dekada bago namagitan ang Estados Unidos sa ikatlong Himagsikan ng Cuba para sa Kalayaan (1895–98), ang merkado ng asukal ang saligan ng ugnayang Estados Unidos-Cuba. Pagsapit ng dekada ng 1840, halos kalahati ng pangangalakal ng Cuba, kasama na ang asukal at makinarya sa asukal, ay direktang nakadepende sa mga merkado at pabrikante ng Estados Unidos. Pagdating ng 1865, ang Amerikanong kompanyang Moses Taylor & Co., na pinamumunuan nina Moses Taylor at Percy Pyne, ang humahawak sa humigit-kumulang sangkalima ng buong palitan ng asukal sa pagitan ng Cuba at Estados Unidos.

Noong Sampung Taon ng Digmaan (1868–78), tinustusan nina Taylor at Pyne ang mga rebeldeng Kubano ng mga armas at kagamitan, sa pag-asang tatapusin nito ang pamumuno ng mga Espanyol at ang kaakibat na limitasyon nito sa industriya ng asukal. Ang pintang ito, na gawa ng pintor na si Armando García Menocal mula sa Cuba, ay nagpapakita ng burges na manlalakbay na nakasakay sa karwaheng hinihila ng kabayo na may plantasyon ng asukal na likuran. Ang likhang ito ay dating pag-aari ni Percy Rivington Pyne II, anak ni Percy Pyne, at pinamagatang *Ingenio con carroza (Gilingan ng asukal na may karwahe).*

Armando García Menocal (1863–1942)
Langis sa kambas, 1894
Koleksiyon nina Emilio at Sylvia M. Ortiz




# *Mga Bayani ng Cuba at ang Kanilang Watawat*

Noong Mayo 1896, nagsilbi ang Madison Square Garden ng New York bilang pook para sa Engrandeng Peryang Kubano-Amerikano. "Minamahalaga ng Cuba ang pagmamalasakit—Kailangan niya ng tulong" ang islogan na ginamit ng mga organisador ng perya, na pawang miyembro ng Huntang Kubano. Ang Hunta ay binubuo ng mga Kubanong nakatira sa Estados Unidos at sumusuporta sa kalayaan ng Cuba mula sa Espanya. Sa pamamagitan ng mga perya, pampublikong talumpati, karnabal, at pagtatanghal sa teatro, nilayon nilang pataasin ang simpatya at pondo mula sa publiko ng Estados Unidos para suportahan ang mga lumalaban sa ikatlong Himagsikan ng Cuba para sa Kalayaan (1895–98).

Ang subenir na panyong linen na ito ay nakasentro sa pinunong politikal ng kilusang pangkalayaan ng Cuba na si José Martí (1853–1895). Napaliligiran ang kanyang larawan ng mga pinunong militar sa pakikibaka para sa kalayaan: Máximo Gómez (1836–1905), Antonio Maceo (1845–1896), at Calixto García (1839–1898), kasama si Salvador Cisneros (1818–1914), pangulo ng Kubanong Republika sa Digma.

Hindi tukoy ang artist
Litograpiya sa linen, 1896
Koleksiyon ni Emilio Cueto



# José Martí
## 1853–1895

Lumaki ang makata at intelektuwal na si José Martí sa Cuba sa panahong kritikal ang lakas-paggawa ng alipin sa ekonomiya nitong nakasandig sa mga plantasyon at mahigpit ang paglimita ng kolonyal na pamahalaan ng Espanya sa mga karapatang sibil. Unang nakulong si Martí bilang tinedyer dahil sa kanyang paglalathala ng *La Patria Libre* (Ang Malayang Inang Bayan), isang pahayagan na sumusuporta sa Sampung Taon ng Digmaan (1868–78). Kalaunan, isinulong niya ang kanyang mga antikolonyal na mithiin sa pamamagitan ng masaklaw na pagsusulat. Bunga nito, tiningala siya bilang isang dakilang Latinong Amerikanong intelektuwal.

Ginugol ni Martí ang huling labinlimang taon ng kanyang buhay bilang desterado sa New York City, kung saan itinatag niya ang *Partido Revolucionario Cubano* (Partido Rebolusyonaryo ng Cuba) noong 1892. Nanawagan si Martí para sa isang pangwakas na "Kinakailangang Himagsikan" laban sa Espanya para palayain ang Cuba at labanan ang pamana ng pang-aalipin at kawalan ng pagkakapantay-pantay ng lahi. Hinangad niyang makalikha ng "republika para sa lahat." Namatay si Martí sa labanan noong Mayo 1895 sa ikatlong Himagsikan ng Cuba para sa Kalayaan (1895–98).

Lumikha si Miguel Díaz Salinero ng maraming postumong pinta ng mga "Apostol ng Kalayaan ng Cuba," na nakatulong sa pagpapatibay ng dakilang katayuan ni Martí sa Kubanong sining at kasaysayan.

Miguel Díaz Salinero (1874–1943)
Langis sa kambas, 1942
Koleksiyon nina G. at Gng. Mike Fernandez



# *Mga Rebolusyonaryong Kubano*

Sa ilalim ng kolonyal na rehimen ng Espanya, ipinapatapon ang mga disidente. Ito ang nagtulak sa kanilang mag-organisa at magplano ng rebolusyon mula sa ibang bansa. Noong 1891, itinaguyod ni General Antonio Maceo (1848–1896) ang kanyang sarili sa Costa Rica matapos siyang bigyan ng pamahalaan nito ng tinatayang dalawampu't apat na libong ektarya para magtayo ng kolonya ng tabako sa tangway ng Nicoya. Tirahan ng mga ipinatapong Kubanong beterano at pamilya, nakalaan ang lugar upang maging ligtas na kanlungan ng mga gawaing rebolusyonaryo.

Ipinapakita ng larawang ito si Maceo sa gitna ng hanay sa likod kasama ang kapwa mga heneral na Kubano. Si Flor Crombet (1851–1895), na may dugong Aprikano, ang nasa kanyang kaliwa, at si Agustín Cebreco (1855–1924) ang nasa kanyang kanan. Nagpapahinga sa harapan si "Cuba Libre," ang aso ni Maceo. Sa halip na magsuot ng unipormeng militar, pormal na kasuotan ang suot ng mga heneral, na siyang nagtatanghal ng kanilang sarili bilang natatanging ginoo, kampante, nasa lungsod man o digmaan. Sa kanyang pagtaas ng baba at bahagyang pagharap sa kanan, ipinaparating ni Maceo ang kanyang awtoridad sa pangkat.

Hindi tukoy ang artist
Reproduksiyon ng larawan mula sa c. 1891
May pahintulot ng Biblioteca Nacional de España



# Antonio Maceo
## 1845–1896

Kilala bilang "Higanteng Tanso," kasama si Antonio Maceo sa pinakapopular na pinunong militar sa kilusang pangkalayaan sa Cuba. Isang apo ng Aprikano at mula sa Santiago de Cuba, sumali siya sa laban para sa kalayaan noong 1868 bilang sundalo sa impanteriya at mabilis na umakyat sa ranggo ng heneral. Pinamunuan niya ang ilang matagumpay na kampanya sa Santiago at Guantánamo. Lumaban siya para sa abolisyon ng pang-aalipin at pagwawakas ng pagpapabor sa anumang uri. Tanyag ang kanyang deklarasyon: "Walang puti o itim, tanging Kubano lamang."

Matapos ipatapon ng mga Espanyol, nagbalik si Maceo sa Cuba noong Abril 1895, sa panahon ng ikatlong Himagsikan para sa Kalayaan. Sa Oktubre ng taong iyon, naglunsad siya ng hindi pa nasusubok noon na pagsalakay sa mga kanlurang probinsiya. Pinamunuan niya ang mga operasyon sa Pinar del Rio. Sa pagsasara ng 1896, habang nagtatangkang sumama sa puwersa ni Máximo Gómez sa probinsiya ng Havana, tinambangan ng mga Espanyol ang pangkat ni Maceo, at napatay siya noong Disyembre 7. Hanggang sa ngayon, nananatiling mahalagang simbolo ng nasyonalismong Kubano si Maceo.

J. A. Suárez y Ca.
Reproduksiyon ng limbag sa albumen na may pilak mula 1895
May pahintulot ng Biblioteca Nacional de España



# Leonard Wood
## 1860–1927

Matapos umani ng medalya ng karangalan noong 1885 para sa kanyang serbisyo sa kampanya laban sa pinunong Apache na si Geronimo, sinimulan ni Leonard Wood ang kanyang pag-angat sa sandatahan. Subalit ang Digmaan ng 1898 ang nagpaimbulog sa kanya at sa kaibigan niyang si Theodore Roosevelt patungo sa tugatog. Magkasama nilang itinatag ang Unang Boluntaryong Kabalyeriyang Rehimyento, na popular sa katawagang Magagaspang na Mangangabayo. Ang kanilang tagumpay ang nagdulot ng pagkatalaga kay Wood bilang militar na gobernador ng Cuba noong 1899.

Nagpasimula man si Wood ng mahahalagang proyekto, kabilang na ang matagumpay na kampanya para tuldukan ang yellow fever, namuno naman siya nang may kamay na bakal at nanggipit ng maraming Kubano. Noong 1902, nagprotesta ang mga Kubano sa harap ng tirahan ni Wood, ang palasyo ng gobernador, matapos ipakilala ng Estados Unidos ang Amyendang Platt. Itinakda ng amyenda na ang pagtatapos ng militar na pamamahala ng Estados Unidos ay nakasalalay sa nagaganap na pangangasiwa ng Estados Unidos sa mga usaping Kubano.

Noong 1903, ipininta ni John Singer Sargent ang larawang ito ni Wood na nakauniporme. Biswal nitong inihahayag ang kanyang awtoridad. Kalaunan noong taon na iyon, naging militar na gobernador ng Probinsiyang Moro sa Pilipinas si Wood.

John Singer Sargent (1856–1925)
Langis sa kambas, 1903
National Portrait Gallery, Smithsonian Institution



# *Panggalugad na Ilaw sa Bukana ng Daungan, Santiago de Cuba*

Sa panggabing eksenang ito, inilarawan ni Winslow Homer, na kilala sa kanyang mga pinta ng kapangyarihan ng dagat noong dekada ng 1890, ang paghahanap sa Eskuwadron ng Espanya ng Plota ng Hilagang Atlantiko ng Hukbong Pandagat ng Estados Unidos. Umatras ang mga bapor ng Espanya papuntang Santiago Bay noong Mayo 27, 1898, at kalaunan ay naipit ng pagkubkob ng Hukbong Pandagat ng Estados Unidos. Sinasaklaw ng tanawan mula San Pedro de la Roca—na nananatili sa kontrol ng Espanya—ang isang toreng pantanod, isang makapal na pader na may mga taguan sa ibabaw, at dalawang kanyon.

Gamit ang teknolohiya ng x-ray, lumalabas na sa simula, naglagay si Homer ng sundalong Espanyol sa kaliwa ng tore ng tanod, pero kalaunan ay tinanggal niya ang pigurang ito. Ang mga bapor ng Estados Unidos, na kinabitan ng dalawang panggalugad na ilaw at nakaposiyon sa labas ng perspektiba ng larawan, ay nagpukol ng dalawang sinag sa madilim na langit patungong baybayin, para hanapin ang mga bapor ng Espanya. Inilalarawan din ng pagpokus sa makabagong panggalugad na ilaw ng hukbong pandagat ang panghabambuhay na interes ni Homer sa teknolohiya. Noong Hulyo 3, nagtangka ang mga Espanyol ng mapangahas na pagtakas, subalit pinalubog ng Hukbong Pandagat ng Estados Unidos ang bawat sasakyan sa eskuwadron.

Winslow Homer (1836–1910)
Langis sa kambas, 1902
The Metropolitan Museum of Art; regalo ni George A. Hearn, 1906




## *USS* Yankee, *Cienfuegos 1898*

Sa maagang bahagi ng Abril 1898, nakuha ng Hukbong Pandagat ng Estados Unidos ang steamer na *El Norte* mula sa Morgan Line ng Southern Pacific Railroad. Muling pinangalanan bilang USS *Yankee* at itinalaga kay Commander Willard H. Brownson, umalis ang bapor sa New York sa bandang katapusan ng Mayo para sumali sa pagkubkob ng Hukbong Pandagat sa timog na baybayin ng Cuba.

Noong Hunyo 13, napasabak sa engkuwentro sa mga bapor pandigma ng Espanya ang *Yankee*, kasama na ang mas maliksing gunboat na *Diego Velázquez*. Gamit ang mga dramatikong ulap ng usok, ipinapakita ng pintang ito ang sagupaan malapit sa timog na bayan ng Cienfuegos. Matapos ang mahigit isang oras ng tuloy-tuloy na palitan ng pagpapasabog, tumigil ang labanan nang kaunti lang ang nasawi.

Galing si Carlton T. Chapman sa pamilyang tagagawa ng barko sa New England at may espesyalisasyon sa pagpinta ng mga barkong nasa dagat. Noong Digmaan ng 1898, kinuha siya ng *Harper's Weekly* bilang ilustrador. Nag-arkila ang pahayagan ng yate na pinamunuan niya sa mga katubigan malapit sa Cuba.

Carlton T. Chapman (1860–1925)
Langis sa kambas, 1912
The Army and Navy Club Library Trust,
Washington, D.C.



# Tsart ng yellow fever para kay Dr. Jesse W. Lazear

Ang pangunahing sanhi ng pagkamatay ng sundalo para sa lahat ng panig noong Digmaan ng 1898 ay hindi labanan kundi mga sakit, gaya ng tipus at yellow fever. Dahil dito, bumuo ang Hukbo ng Estados Unidos ng mga organisasyon ng pananaliksik, gaya ng Komisyon sa Yellow Fever, para aralin ang mga nakahahawang sakit. Sinadya ng doktor at miyembro ng komisyon na si Jesse W. Lazear na magkasakit ng yellow fever para subukin ang teorya ni Carlos Finlay na mga lamok ang nagpapakalat sa sakit. Nakatala sa tsart ang mga temperatura ni Lazear mula Setyembre 19 hanggang sa kanyang pagpanaw noong Setyembre 25, 1900.

Tinta sa papel, 1900
Claude Moore Health Sciences Library, University of Virginia



# Mga nars ng Hukbo ng Estados Unidos na nanunungkulan sa First Reserve Hospital, Maynila, Pilipinas

Handa ang Army Medical Department ng Estados Unidos na sumuporta ng 25,000 regular na pasyente bago ang digmaan subalit natabunan sila nang dumating ang 270,000 sundalo noong panahon ng digmaan. Bilang tugon, nagsimulang umasa ang Hukbo ng Estados Unios sa mga panlabas na organisasyon, gaya ng mga Anak na Babae ng Rebolusyong Amerikano, para mangalap ng mga nars na magtatrabaho sa ilalim ng kontrata. Gayumpaman, dahil sa walang humpay na pangangailangan para sa mga nars at alitan sa mga katuwang na organisasyon, nagtatag ng permanenteng Pangkat ng Hukbong Nars ang Hukbo ng Estados Unidos noong 1901. Ang larawang ito, mula 1898, ay nagpapakita ng kababaihang sasali sa Pangkat.

Hindi tukoy ang potograpo
Limbag sa albumen na may pilak, 1898
National Museum of Health and Medicine




# Clara Barton
## 1821–1912

Pinangunahan ni Clara Barton ang kampanya para maitatag ang Krus na Pula ng Amerika. Naging tagapagtatag na pangulo siya nito noong 1881. Ginabayan niya ang pagpupunyagi ng organisasyon sa Cuba noong 1898. Dumating siya sa Siboney nang Hulyo 1, at nakipagtrabaho sa Hukbo ng Estados Unidos hanggang simula ng Setyembre. Nagkatensiyon dahil hindi itinuturing ng Krus na Pula ng Amerika, isang independiyenteng organisasyon, ang sarili nito bilang sumasailalim sa mga utos ng militar.

Nang sumuko ang mga Espanyol noong Disyembreng iyon, nanatili si Barton sa Santiago para tumulong sa kapwa mga sundalo at sibilyan. Noong dekada ng 1950, naglagay ang lungsod ng Santiago ng komemoratibong busto ni Barton sa La Alameda Park para parangalan ang kanyang paglilingkod.

Underwood & Underwood (aktibo 1880–c. 1950)
Mga limbag sa helatinang may pilak (estereograpo),
c. 1904
National Portrait Gallery, Smithsonian Institution



# Ang Aseptikong Kontra-Tipus ni Lederle

Nakakatakot na panganib sa mga puwersa ng Estados Unidos ang tipus noong digmaan. Sa isang pag-aaral sa anim na kampong lunsaran ng mga rekluta, nakita na sa 107,973 sundalo, 20,738 ang nagkakaroon ng tipus at 1,590 ang namamatay dahil sa sakit na ito. Kahit pa alam na ang sanhi at pagpigil ng tipus noong 1898, nagsisimatay ang mga tropa nang dahil sa kakulangan sa pagpapatupad ng patakarang pangkalusugan sa mga kampo. Ang galit ng bayan at higit na kamalayang pampubliko ang nagtulak sa repormang pangkalusugan sa militar. Matapos aprubahan ng kalupunang medikal ng Hukbo ng Estados Unidos noong 1908, ipinakilala ang pagbabakuna laban sa tipus bilang boluntaryong hakbang sa Hukbo ng Estados Unidos.

Tatak sa kristal, metal, at papel, c. 1910
National Museum of Health and Medicine



# Carlos Finlay
## 1833–1915

Pinupuksa ng yellow fever ang mga sundalo noong militar na okupasyon ng Estados Unidos sa Cuba (1898–1902), kaya natulak ang Hukbo ng Estados Unidos na tukuyin kung paano ito kumakalat. Iminungkahi ng Kubanong doktor na si Carlos Finlay ang teorya ng tagapagpakalat na lamok, na nagpapalagay na ikinakalat ang yellow fever ng lamok na *Aedes aegypti*. May pagdududa man sa simula, kalaunan ay sinubok at napatunayan ng Komisyon sa Yellow Fever ang kanyang ipotesis. Dahil dito, ipinag-utos ng militar na gobernador ng Cuba na si Heneral ng Brigada Leonard Wood ang pagpapatuyo sa mga lugar na pinagpaparamihan ng lamok. Mabilis nitong tinuldukan ang sakit sa pagtatapos ng 1901.

Hindi tukoy ang potograpo
Reproduksiyon ng limbag sa helatinang may
pilak mula c. 1900
May pahintulot ng University of Miami Libraries,
Cuban Heritage Collection



# Jane Addams
## 1860–1935

Binigkas ng repormistang panlipunan na si Jane Addams ang kanyang unang talumpati laban sa imperyalismo noong Abril 30, 1899, kung kailan idineklara niya, "Sa mabuti man o sa masama, natagpuan natin ang ating sarili na nakabigkis sa isang internasyonal na sitwasyon... Gusto ba nating gawing demokratiko ang sitwasyon?" Iginiit ni Addams na responsable ang Estados Unidos na tulungan ang lahat na yumabong sa demokratikong paraan at pinunto niya na binabangga ng kolonyalismo ang pundasyong ideyal ng kasarinlan, demokrasya, at kalayaan ng bansa. "Tinutukoy ng mga pambansang pangyayari ang ating mga ideyal, gaya ng tinutukoy ng ating mga ideyal ang mga pambansang pangyayari," aniya. Ang rurok ng mga pasipistang pagpupunyagi ni Addams sa kahabaan ng kanyang buhay ay ang kanyang pagkapanalo ng Gantimpalang Nobel sa Kapayapaan noong 1931.

May sikolohikal na kabatirang inihahain itong larawan ni Addams na ibinatay sa kanya mismo noong nasa Dublin, New Hampshire siya. Ipinapakita nito ang marangal at tahimik na gawi ni Addams, at ang kanyang mapanindig na pagmumukha. Gayumpaman, kinasusuklaman ni Addams ang larawan, at tinawag itong isa sa "mahabang pila ng nakadidismayang pagkabigo" sa paglalarawan sa kanya.

George de Forest Brush (1855–1941)
Langis sa kambas, 1906
National Portrait Gallery, Smithsonian Institution;
bahagi ng regalo nina Gng. Nancy Pierce York at Gng.
Grace Pierce Forbes



NIGHT SPECIAL
NEW YORK JOURNAL
NIGHT SPECIAL

SPAIN GUILTY!

DESTROYED BY A FLOATING MINE.

EXTRA.

PRESIDENT GIVES NEWS OF MAINE REPORT

Evening Journal's Exclusive Forecast, Sunday, Confirmed by the President.

Board Fails to Fix the Actual Responsibility for Disaster—Initial Explosion Caused a Second.

FACTS ON WHICH CONGRESS WILL HAVE TO ACT.

WAR CONFERENCE BY CABINET.

M'KINLEY DICTATES A NOTE FOR WOODFORD TO SPAIN.

# "Espanya Ang May Sala!"

Sandali lamang matapos ang pagsabog ng USS *Maine*, kumatha ang mga pahayagan sa Estados Unidos ng mga agresibong ulo ng balita na tumutukoy sa isang patibong ng Espanya bilang sanhi ng pagkawasak ng bapor. Ang halimbawang ito, mula Marso 25, 1898, ay lumitaw sa *New York Journal*, na inilalathala ni William Randolph Hearst. Kahit pa nabigo ang isang kalupunan ng pagsisiyasat ng hukbong pandagat na kumpirmahin ang pagkasangkot ng Espanya sa atake, nakatulong ang mga pahayagan sa pagpapalakas ng suporta sa digmaan.

Kamakailan lamang noon ay binati ng *New York Journal* ang sarili nito sa pagpapalaganap ng "pamamahayag na nagpapakilos," isang bagong anyo na naghahabol ng pagpaparami ng mambabasa sa pamamagitan ng pagsali sa mga layuning panlipunan at pampolitika. Gayumpaman, hindi lahat ay nakumbinsi ng ganitong doktrina.

Ang terminong "dilaw na pamamahayag" ay unang lumitaw sa *New York Press* para kondenahin ang sensasyonalismo at distorsiyon ng impormasyon sa New York Journal at sa *New York World*, na inilalathala ng karibal ni Hearst na si Joseph Pulitzer. Isang negatibong termino, ginagamit pa rin ito ngayon para batikusin ang katiwalian sa pamamahayag.

Reproduksiyon ng unang pahina ng *New York Journal*, Marso 25, 1898
May pahintulot ng Library of Congress, Washington, D.C.



# W. E. B. Du Bois
## 1868–1963

Isa sa pinakamahahalagang intelektuwal sa pagpasok ng ikalabinsiyam na siglo, inaral ni W. E. B. Du Bois ang usapin ng lahi sa Estados Unidos. Isang anti-imperyalista, mariin niyang tinutulan ang pananatili ng kontrol ng Estados Unidos sa Pilipinas. Pagdating ng 1903, opisyal nang nagtapos ang Digmaang Pilipino-Amerikano, pero magpapatuloy ang paglaban ng mga Pilipino hanggang 1913 sa timog na isla ng Mindanao, kung saan Muslim ang halos buong populasyon.

Sa kanyang mga isinulat, pinagmunihan ni Du Bois ang namamayaning ideya na para sa mga Aprikanong Amerikano, "ang pag-asa ay nasa pandarayuhan lamang sa labas ng mga hangganan ng Estados Unidos. Sa halip, ang naging kongklusyon ni Du Bois noon, "wala nang mas epektibo pa sa kamakailan lang na pagtulak ng Estados Unidos tungo sa mas mahina at mas maitim na mga tao sa West Indies, Hawaii, at Pilipinas para ipamukha na walang pag-asa ang programang ito." Inilagay ng hinuhang ito ang Digmaan ng 1898 sa mga debate ukol sa lahi noong post-Rekonstruksiyon.

James E. Purdy (1859–1933)
Limbag sa helatinang may pilak, 1907
National Portrait Gallery, Smithsonian Institution



# Samuel L. Clemens (Mark Twain)
## 1835–1910

Sa ilalim ng sagisag-panulat na Mark Twain, si Samuel Clemens ay naging isa sa paboritong satirikong manunulat ng bansa pagdating ng 1873, nang ilathala niya ang isang artikulo sa *New York Tribune* na kumukontra sa maagang pagtatangka ng Estados Unidos na angkinin ang Hawai'i. Kalaunan, matapos makita ang mapagsamantalang kalikasan ng kolonyalismo sa pagbiyahe niya sa ilang kolonya ng Britanya noong 1895, gumamit siya ng mas matalas na politikal na tindig at nagsagawa ng internasyonal na atake sa imperyalismo.

Sinuportahan ni Twain sa simula ang pakikidigma ng Estados Unidos sa Espanya bilang makataong hakbang para palayain ang Cuba, pero umasim ang kanyang pananaw matapos mabasa ang Kasunduan sa Paris, kung saan inangkin ng Estados Unidos ang Pilipinas at isiniil ang laban nito para sa kalayaan. Kalaunan, naging nangungunang pigura si Twain ng Ligang Anti-Imperyalista ng Amerika, na tumangging kilalanin ang imposisyon ng pamamahala ng Estados Unidos sa mga banyagang bansa bilang salungat sa mga batayang prinsipyo ng Estados Unidos. Noong 1900, isinulat niya, "Tutol ako sa pagdakma ng mga kuko ng agila sa ibang lupain."

John White Alexander (1856–1915)
Langis sa kambas, 1912 o 1913
National Portrait Gallery, Smithsonian Institution



# Moorfield Storey
## 1845–1929

Noong Hunyo 15, 1898, sa Faneuil Hall, Boston, iprinoklama ng abogado ng karapatang sibil na si Moorfield Storey, "Ang digmaang sinimulan para maipanalo para sa mga Kubano ang karapatang pamahalaan ang kanilang sarili ay hindi dapat gawing dahilan para palawakin ang kontrol natin sa ibang banyagang bayan. Nakasalalay dito ang batayang prinsipyo ng ating pamahalaan." Sumama sa kanya ang mga katunggali ng ekspansiyonismo, nag-aalala na magiging panlulupig ang Digmaan ng 1898. Lalong nadiin ang halaga ng kanilang panawagan nang makabuo ang Estados Unidos, noong araw na iyon mismo, ng Pinagkaisang Resolusyon para angkinin ang Hawai'i bilang pangangailangang militar.

Noong Nobyembre 1898, inilunsad ng mga aktibista ang Anti-Imperyalistang Liga o AIL, na nagkampanya sa kahabaan ng bansa at nakakalap ng tatlumpong libong miyembro. Tinuligsa ng AIL ang pagpapalawak ng teritoryo. Iginiit nito na labag ito sa mga demokratikong prinsipyo ng Estados Unidos. Nagsilbing presidente ng AIL si Storey mula 1905 hanggang 1921 at naging presidente ng Pambasang Samahan para sa Pagsulong mga Di-puti o National Association for the Advancement of Colored People (NAACP) mula 1909 hanggang 1929.

John Singer Sargent (1856–1925)
Uling sa papel, 1917
National Portrait Gallery, Smithsonian Institution;
parsiyal na regalo ni James Moorfield Storey



# *Apro-Amerikanong Rekord Historikal ng Pamilya*

Ang broadside na ito ay sabay na personal na talatakdaang henealohikal at malarawang kasaysayan ng pagsulong na Aprikanong Amerikano. Ang mga simbolo sa kaliwa ng pambansang pamahalaan, binyeta ng subasta ng alipin bago ang digmaan, pagpitas ng bulak, at paaralang salat sa kasangkapan ay itinatapat sa mga eksena sa kanan ng malayang komunidad, trabaho sa industriya, at saganang paaralan matapos ang digmaan.

Ang mga larawan nina Frederick Douglass, Booker T. Washington, ng gurong si Lucy C. Laney, at abogadong si Judson Lyons, habang nakapangkat kasama sina Pangulong George Washington at Abraham Lincoln, ay nagbibigay-diin sa mga pambansang simbolo ng karapatang pantao at karapatang sibil para sa mga Aprikanong Amerikano.

Ipinapakita ng dalawang eksena sa ibaba ang Ikasiyam at Ikasampung Kabalyeriyang Aprikanong Amerikano at Ikadalawampu't Apat at Ikadalawampu't Limang Impanteriyang Di-puti habang nagkakaloob sila ng mahalagang tulong sa Magagaspang na Mangangabayo sa mga susing labanan sa Cuba noong Digmaan ng 1898. Ang mga imaheng ito ay gumagawa ng deklaratibong pahayag para sa pagkakaroon ng dangal at pagiging kabilang sa bansa ng mga Aprikanong Amerikano.

James M. Vickroy (1847–1913)
Historical Publishing Company (aktibo c. 1899)
Litograpiya na may kulay, 1899
National Portrait Gallery, Smithsonian Institution




# Theophilus Gould Steward
## 1843–1924

Noong 1898, ang prominenteng guro at klerigong si Theophilus Gould Steward ay isang kapelyan na naglilingkod kasama ang Ikadalawampu't Limang Rehimyento ng Estados Unidos. Ginunita ni Steward ang serbisyo nitong Aprikanong Amerikanong Rehimyento sa pamamagitan ng pag-akda sa aklat na ito. Bagaman may ilang Aprikanong Amerikanong sundalo na nakakita ng pakakatulad ng kanilang pakikibaka para sa karapatang sibil sa ginagawa ng mga Pilipino, itinuring ni Steward ang paglilingkod sa militar bilang paraan para igiit ang buong pagkamamamayan. Nadestino si Steward sa Pilipinas noong 1900. Noong panahon ng serbisyo niya roon, itinalaga siya bilang punong tagapangasiwa ng mga paaralan sa sentral na isla ng Luzon.

Pultada ng *Ang mga Di-Puting Regular ng Hukbo ng Estados Unidos*
AME Book Concern, Philadelphia, 1904
National Portrait Gallery, Smithsonian Institution



# Benjamin Tillman
## 1847–1918

Isang Demokratikong senador para sa South Carolina noong panahon ng Digmaan ng 1898, si Benjamin Tillman ay isa sa pinakahayag at makapangyarihang miyembro ng rasistang paksiyon ng Anti-Imperyalistang Liga (AIL). Tumulong siya sa pagmamaniobra ng panggigipit sa mga Aprikanong Amerikano sa kanyang estado sa pamamagitan ng pagmamanipula at pagtutulak ng mararahas na taktika ng pagsawata sa mga botanteng Itim.

Bilang miyembro ng AIL, nanawagan siya sa isang talumpati sa kanyang mga kakampi, "Nauunawaan at nakikita natin ang pagtatabi ng dalawang lahi na hindi puwedeng maghalo o magsama nang walang pagkasira o pinsala sa magkabilang panig, at ang ultimong pagkawasak ng sibilisasyon ng nakatataas."

Ang presensiya ng mga taong tulad ni Tillman ang nagtulak sa maraming Aprikanong Amerikanong hindi sang-ayon sa Digmaan ng 1898 na magtatag ng sarili nilang organisasyon, gaya ng Di-puting Pambansang Ligang Anti-Imperyalistiko.

Hindi tukoy ang artist
Langis sa kambas, hindi tukoy ang petsa
National Portrait Gallery, Smithsonian Institution



# Harriet Bradford Tiffany Stewart
## 1798–1830

Noong 1823, si Harriet Bradford Tiffany Stewart at ang asawa niyang si Charles ay nagbiyahe sa Hawaiʻi kasama ang ikalawang pangkat ng Amerikanong Kalupunan ng mga Komisyoner para sa mga Dayuhang Misyon o American Board of Commissioners for Foreign Missions (ABCFM). Kasabay ng pagdating ng mga naunang misyoneryo ng Estados Unidos ang dahan-dahang sosyal na transisyon sa lipunang Hawaiian, kasama na ang pagbabago sa relihiyon at regulasyon ng lupain. Sa suporta ni Haring Kamehameha II, inareglo ng mga misyoneryo ang pagpapabinyag ng mga Kānaka Maoli, o mga Katutubong Hawaiian, sa Kristiyanismo.

Pagdating ng dekada ng 1830, sa tindi ng impluwensiya ng mga misyoneryo sa *aliʻi*, o mga maharlika sa Hawaiʻi, hindi makakaarkila ang mga negosyante ng lupa nang walang suporta ng mga may kaugnayan sa ABCFM. Patuloy na lumakas ang kapangyarihan ng mga misyoneryo at kanilang mga apo sa paglipas ng ikalabinsiyam na siglo, na kalaunan ay nauwi sa pagpapatalsik sa monarkiyang Hawaiian noong 1893.

Kahit na ang tanawin sa likuran ng larawang ito ay nagpapagunita sa Hawaiʻi, ipinapakita nito ang Lawa ng Otego malapit sa Cooperstown, New York, na tinubuang lupa ni Stewart.

Charles Ingham (1796–1863)
Langis sa kambas, c. 1822–23
National Portrait Gallery, Smithsonian Institution, ibinigay bilang parangal kay Stewart W. Bowers




## *Ang Kuwento ng Hawaii ayon sa Reyna ng Hawaii*

Sa pagsulat ng aklat na ito, itinala ni Reyna Liliʻuokalani ang pagpapalaki sa kanya, at ang mga pangyayari sa pagpapatalsik sa kanya. Sinagot niya rin ang Ulat Morgan noong 1894, na nagtangkang pangatwiranan ng kudeta laban sa kanya. Kasama sa guhit sa pabalat ang dalawang *kāhili*, o simbolikong tagdan ng estado. Gawa sa mga balahibo, ang mga kāhili ay mahalagang emblema ng maharlikang Hawaiian na may direktang kaugnayan sa tradisyon ng pagdidisenyo ng balahibo at maging sa ritwal. Isang bulaklaking lei, na napapatungan ng korona, ang nakapaikot sa "Liliu," ang pangalang ibinigay sa reyna nang ipanganak siya.

Reyna Liliʻuokalani (1838–1917)
Lee and Shepard, Boston, 1898
Hawaiʻi State Archives



# Lorrin Thurston
## 1858–1931

Isang apo ng mga misyoneryong dumating sa Hawaiʻi noong 1820, agresibong idineklara ni Lorrin Thurston ang kanyang sarili sa politika ng Hawaii. Noong 1886, nahalal siya sa lehislatura ng Hawaii bilang kinatawan ng mga isla ng Molokaʻi at Lānaʻi. Sa simula ng 1887, binuo ni Thurston ang Ligang Hawaiian. Ikinampi niya ito sa Mga Riple ng Honolulu, isang milisya ng mga puting lalaki, para pahinain si Haring Kalākaua.

Gamit ang banta ng dahas, pinuwersa ng mga lalaking ito si Kalākaua na pumirma ng amyenda sa Konstitusyon ng Hawaiʻi ng 1864. Tinawag itong Konstitusyon ng Bayoneta (1887). Sa pinakabuod nito, inilipat ng bagong konstitusyon ang kapangyarihan mula sa mga Kānaka Maoli, o Katutubong Hawaiian, patungo sa mga kolonyalista ng Estados Unidos, Britanya, at Alemanya, na wala pa sa limang porsiyento ng populasyon ng Hawaiʻi. Binigyan ng Konstitusyon ng Bayoneta ng mas malakas na kapangyarihan ang gabinete kaysa sa hari, at pinangalanan si Thurston bilang ministro ng interyor ng bagong gabinete ng hari. Ginamit niya ang kapangyarihan ng posisyong ito para imaniobra ang pagpapatalsik sa monarkiya ng Hawaii noong 1893.

Hindi tukoy ang potograpo
Limbag sa albumen na may pilak, c. 1895
National Portrait Gallery, Smithsonian Institution



## *Komite ng Kaligtasan*

Noong Enero 1893, binuo ni Lorrin Thurston ang "Komite ng Kaligtasan," o ang Komite ng Pangangamkam, na umangkin sa karapatang mamuno habang iginigiit ni Reyna Liliʻuokalani ang kanyang kapangyarihan bilang konstitusyonal na monarka ng Hawaiʻi. Isang kudetang pinamunuan ng Komite ang nagtanggal kay Reyna Liliʻuokalani sa kanyang trono noong Enero 17, 1893, at nagtalaga ng pansamantalang pamahalaan.

Maingat sa kanyang mga binitiwang salita, isinuko ni Reyna Liliʻuokalani ang kanyang kapangyarihan hindi sa "pansamantalang pamahalaan" na pinamumunuan ni Thurston kundi sa "superyor na kapangyarihan ng Estados Unidos ng Amerika." Sa pagpoposisyon sa usapin bilang isang bagay na may kaugnayan sa Estados Unidos at internasyonal na batas, naantala ng reyna ang kaganapan ng pagpapatalsik. Natulak ng kanyang estratehikong pag-iisip si Pangulong Grover Cleveland na mag-utos ng opisyal na imbestigasyon sa rebelyon, pero bumoto ang Kongreso na huwag mamagitan sa ngalan ni Reyna Liliʻuokalani. Sa huli, napuwersa si Liliʻuokalani na umatras patungo sa kanyang lupain sa Waikiki at kalaunan sa Washington Place, ang kanyang pribadong tirahan sa Honolulu.

Hindi tukoy ang potograpo
Reproduksiyon ng mga larawan mula 1893
May pahintulot ng Hawaiʻi State Archives




# *Kubrekamang "Hawayanonng Eskudo de Armas" ni Rosina Kalanikauwekiulani Ayers*

Ang tradisyong Hawayano ng paglikha ng kubrekama ay dumaan na sa maraming henerasyon pagdating ng dulo ng ikalabinsiyam na siglo. Gayumpaman, matapos patalsikin ang monarkiyang Hawayano noong 1893, ang Hawayanong Eskudo de Armas ay naging makapangyarihang simbolo ng katapatan kay Reyna Liliʻuokalani.

Tinanggap ni Rosina Kalanikauwekiulani ang kubrekamang ito bilang regalo sa kasal noong 1898. Isa siyang inapo ni Haring Kamehameha I, na siyang nagtatag ng Kaharian ng Hawaiʻi noong 1810. Itinatampok ng disenyo ang apat na watawat at sa gitna, ang Maharlikang Eskudo de Armas. Nakasaad sa motto, "HAWAII PONOI / UA MAU KEEA OKA AINA IKA PONO," o "Ang buhay ng kalupaan ay pinananatili sa pagkamakatwiran."

Hindi tukoy ang artist
Bulak, seda, at lana, 1898
National Museum of Natural History, Smithsonian Institution



# *Petisyon laban sa Pag-angkin ng Hawaiʻi*

Noong 1897, nagpasa sa Senado ang katatapos lang pasinayaang Pangulong William McKinley ng kasunduan para angkinin ang Hawaii. Hindi nanahimik ang mga tapat kay Reyna Liliʻuokalani. Bilang tugon, tatlong organisasyon ang nanawagan para sa kolektibong pagkilos para iprotesta ang pagpapatalsik. Ang Hui Hawaiʻi Aloha ʻĀina, na pinamumunuan nina James Keauiluna Kaulia (sangay ng mga lalaki) at Abigail Maipinepine Campbell (sangay ng mga babae), ay nag-organisa ng pangangalap ng petisyon sa buong kapuluan. Noong Disyembre 1897, dinala ng mga delegado ng organisasyon sa Washington, D.C. ang petisyong may 556 na pahina at 21,269 na pirma. Binasa itong lahat ni Senador George Hoar ng Massachusetts sa kamara ng Senado. Pagdating ng Pebrero 1898, kulang pa rin sa kinakailangang mayorya ang kasunduan at matagumpay itong napigilan.

Nahanap ng Hawayanong iskolar na si Noenoe K. Silva ang mga dokumentong ito sa National Archives noong dekada ng 1990. Nagpapatuloy ang mahalagang papel na ginagampanan ng mga petisyon sa kasalukuyan, partikular na sa mga apela sa Korte Suprema ng Estados Unidos at sa Permanenteng Korte ng Pamamagitan sa Hague.

Hawaiian Patriotic League
Tinta sa papel, 1897
National Archives and Records Administration, Center for Legislative Archives, Washington, D.C.



# *Pearl Harbor: Hindi Ipinagbibili ang Ari-ariang Ito*

Isang dambuhalang Uncle Sam ang may hawak na pikong palakol at pala habang nakatanaw sa Pearl Harbor na tadtad ng mga karatulang "Hindi Ipinagbibili." Inilathala sa *Hawaiian Gazette* noong Hunyo 7, 1901, nagkokomento ang kartun na ito sa legal na alitan sa pagitan ng mga nagtatanim ng asukal at ng pamahalaan ng Estados Unidos, na noong 1901 ay naglaan ng pondo para makapagtatag ng kampong pandagat sa bukana ng Pearl River. Gayumpaman, tumangging magbigay ng presyo ang mga may-ari ng katabing lupain. Ang hula ng kasamang artikulo, "Mula sa nagtataasang presyong ikinabit sa mga lupain, walang duda na mapipilitang gumamit ng legal na proseso ng pagkondena ang Pamahalaan para maipatayo ang ninanais na himpilan."

At ganoon nga, nakuha ang mga lupain gamit ang kondenasyon, isang proseso ng pagkamit ng pribadong lupain para magamit ng publiko. Noong 1902, nagsimulang maghukay ng kanal ang mga inhinyero ng Estados Unidos sa Pearl Harbor. Ginawa nila itong isa sa mga nangungunang kampong pandagat.

Ralph O. Yardley (1878–1961)
Tinta sa papel, 1901
Hawai‘i State Archives



## *"Paano Kaya Kung Ganito"*

Noong Hulyo 4, 1894, ang "Republika ng Hawaii" ay iprinoklama ni Sanford B. Dole, ang katatalaga lang nitong pangulo. Agad na kinilala ng Estados Unidos ang Republika, at sinundan ng Gran Britanya at iba pang bansa. Lumikha ang bagong pamahalaan na ito ng limang dolyar na buwis sa pagboto, isang pinansiyal na kahingiang pumigil sa pagboto ng maraming Kānaka Maoli, o Katutubong Hawayano. Nagpataw rin ito ng mga limitasyon sa wika na nakatuon sa mga Hapones at Tsinong nakatira sa kapuluan.

Noong 1896, kasama sa plataporma ng Pambansang Kumbensiyon ng mga Republikano ang pahayag na sumusuporta sa pag-angkin sa Hawaiʻi: "Nararapat na kontrolin ng Estados Unidos ang mga Isla ng Hawaiʻi, at walang panlabas na kapangyarihan ang dapat payagang makialam sa kanila."

Itinatampok sa karikaturang ito si Uncle Sam na may hawak na aklat na pinamagatang *Doktrinang Monroe* at masusing binabasa ang platapormang Republikano. Naghihintay si Dole sa labas ng tarangkahan at may dalang "Regalong Titulo ng mga Isla ng Hawaii para kay Uncle Sam." Inangkin ang Hawaiʻi gamit ang pinagkaisang resolusyon ng Kongreso noong Hulyo 7, 1898.

Grant E. Hamilton (1862–1926)
Reproduksiyon ng limbag na inilathala sa magasing *Judge*, 1898
May pahintulot ng University of Hawaiʻi at Manoa Library, Honolulu



# Reyna Liliʻuokalani
## 1838–1917

Sa larawang ito, nakatayo si Reyna Liliʻuokalani sa tabi ng trono ng Hawaiʻi, nang may gayak na tumuturol sa kanyang estadong maharlika at pagkababae. Gamit ang engrandeng estilo, naiparating ng artist ang kapangyarihan ng reyna bilang babaeng Kānaka Maoli, o Katutubong Hawayano, pinuno ng estado pero walang nakalagay na setro o iba pang simbolo ng absolutong kapangyarihan. Sa halip, ipinapakita siya ng pintang ito bilang pinuno ng konstitusyunal na monarkiyang itinatag ng 1852 Ke Kumukānāwai o Ko Hawaiʻi Pae ʻĀina (Konstitusyong Hawayano), na nagkakaloob ng karapatang bumoto sa lahat ng tao anuman ang kanilang lahi.

Ang pagbili ng reyna sa larawang ito noong 1892, at ang kalaunang pagkabit dito sa Palasyong ʻIolani ang nagdiin sa pagkalehitimo ng monarkiyang Hawayano sa harap ng mga bantang panlabas. Sumusunod ang mga kilos niya sa mahabang tradisyon ng paggamit—at minsan paglalansag—sa mga Kanluraning anyo ng sining para igiit ang soberanya ng Hawaiʻi. Sa kabila ng mga ito, napatalsik ang monarkiya noong 1893, na kalaunan ay nauwi sa pag-angkin sa Hawaiʻi bilang teritoryo ng Estados Unidos noong 1898.

William F. Cogswell (1819–1903)
Langis sa kambas, c. 1891–92
Hawaiʻi State Archives
Ang pondo para sa konserbasyon ng likhang sining na ito ay masaganang ipinagkaloob gamit ang isang gawad mula sa
Bank of America Art Conservation Project.



# *ʻAhu ʻula* (Ang Kapang Kalakaua)

Maaaring isinuot o iniladlad ni Haring David Kalākaua ang balahibong balabal na ito sa maharlikang trono, dahil nakilala ang *ʻahu ʻula* bilang "balabal ng estado" sa kalagitnaan ng ikalabinsiyam na siglo. Layunin ni Kalākaua na iangat ang kultura ng Kānaka Maoli, o Katutubong Hawayano. Sa pagtatapos ng siglo, naging makapangyarihang simbolo ng Kaharian ng Hawaiʻi ang pagdidisenyo ng balahibo. Ang kapa, na maaaring basahin bilang larawan ni Kalākaua, ay nagtatampok ng balahibo mula sa mga lokal na ibon.

Maria Ena (1862–1924)
Pulang balahibong ʻiʻiwi, dilaw at itim na balahibong ʻōʻō, at himaymay na olonā, dulo ng siglo ng 1800
Department of Anthropology, National Museum of Natural History, Smithsonian Institution



# Lola Rodríguez de Tió

## 1843–1924

Bantog sa kanyang pagtula at peministang tindig, si Lola Rodríguez de Tió, kasama ang kanyang mamamahayag na asawang si Bonocio Tió Segarra, ay naghanda ng mga salusalo para sa mga separatista sa kanilang tahanan sa Mayagüez, Puerto Rico. Sa isa sa mga pagtitipong ganito, nagsulat at nagbasa siya ng mga militanteng bersong nananawagan sa kanyang mga kababayan na humawak ng armas para sa kalayaan. Naging rebolusyonaryong antem ng Puerto Rico ang mga bersong ito, at naiulat na inaawit noong 1868 sa Grito de Lares, ang nabigong armadong antikolonyal na insureksiyon na kasamang inorganisa ni Ramón Emeterio Betances.

Sa kahabaan ng kanyang buhay at destiyero sa Cuba, New York, at Valenzuela, tinuligsa ni Rodríguez de Tió ang mga abusong kolonyal ng Espanya at nagsulat tungkol sa makabayang pag-ibig. Ang kanyang pinakasikat na berso:

*Ang Cuba at Puerto Rico ay*
*dalawang pakpak ng isang ibon.*

Sa mga salitang ito, naisasakatawan ni Rodríguez de Tió ang magkasalikop na pakikibakang antikolonyal ng Puerto Rico at Cuba sa huling mga dekada ng ikalabinsiyam na siglo.

Fernando Díaz Mackenna (1873–1931)
Langis sa kambas, 1918
Koleksiyon ng Ateneo Puertorriqueño




# Arturo Alfonso Schomburg (Arthur Schomburg)
## 1874–1938

Matapos masawata ng mga awtoridad na Espanyol ang rebelyong Grito de Lares (1868) sa Puerto Rico, ang New York City na ang naging sentro ng operasyon ng kilusan para sa kalayaan ng isla. Bilang sentro ng mga politikal na destiyero mula sa Cuba at Puerto Rico, naging tahanan ang New York ng pagkakaisang Antilyano. Noong Abril 1892, kasunod ng pagkakatatag ni Martí (sa New York din) sa Partido Revolucionario Cubano, tinulungan ng kahistang Afro-Puerto Rican na si Arturo Schomburg ang Afro-Puerto Rican na si Rosendo Rodríguez at ang Apro-Kubanong si Rafael Serra sa pagtatatag ng politikal na organisasyon na Las Dos Antillas.

Si Schomburg ang naging kalihim ng organisasyon at sumumpang "tutulong sa paglaya ng Cuba at Puerto Rico" sa pamamagitan ng mga pinansiyal na kontribusyon at donasyon ng sandata. Ang maagang karanasan ni Schomburg sa pagharaya ng antirasista at antikolonyal na kinabukasang politikal para sa Cuba at Puerto Rico ang humubog sa kanyang karera bilang iskolar ng Aprikanong diyaspora. Ang malawak niyang aklatan ang naglatag ng pundasyon para sa Schomburg Center for Research in Black Culture ng New York.

Hindi tukoy ang potograpo
Reproduksiyon ng limbag sa helatinang may pilak mula c. 1896
May pahintulot ng Schomburg Center for Research in Black Culture; Photographs and Prints Division, The New York Public Library



# Eugenio María de Hostos
## 1839–1903

Tubong Puerto Rico, nag-aral ng batas at sosyolohiya sa Espanya si Eugenio María de Hostos, pero kalaunan ay nadismaya sa pagkukulang ng pamahalaan ng Espanya sa pagreporma ng mga kolonyal na polisiya nito. Noong 1869, lumipat siya sa New York para sumali sa mga samahang pangkalayaang Antilyano. Nagbiyahe rin siya sa Timog Amerika, kung saan ikinalat niya ang kanyang mga antikolonyal na ideya. Sa Santo Domingo, nakipagtulungan si Hostos sa ipinatapong si Ramón Emeterio Betances sa pagbubuo ng Confederación Antillana, isang pederasyong naglalayong magsulong ng kalayaang Puerto Rican at Kubano at protektahan ang dalawang isla, kasama na ang Dominican Republic at Haiti, mula sa dayuhang interbensiyon.

Pagsiklab ng Digmaan ng 1898, itinatag ni Hostos ang Liga de Patriotas Puertorriqueños at nakipagkita kay Pangulong McKinley para hingin ang partisipasyon ng Puerto Rico sa mga politikal na desisyon. Sa isang panayam sa *Washington Post* noong 1899, idineklara ni Hostos, "Sana hindi maitala sa kasaysayan na itinuring na parang aso ng Amerika ang Puerto Rico. Ang ganoong pagtrato ay salungat sa inyong kasaysayan at mga institusyon."

Francisco Oller y Cestero (1833–1917)
Langis sa kahoy, c. 1903
Museum of History, Anthropology and Art,
University of Puerto Rico



# *Hacienda La Fortuna*

Kinomisyon ng Katalanong si José Gallart para maging larawan ng kanyang plantasyon, sabay na inilalantad ng pintang ito ang mga limitasyon at potensiyal ng industriya ng asukal sa Puerto Rico noong dulo ng ikalabinsiyam na siglo. Ipinapakita mula kaliwa pakanan ang tirahan ng mga taong dating inalipin, ang bahay ng *hacendado*, o may-ari ng plantasyon, at ang gilingan ng asukal na may dambuhalang paasuhan. Ginagabayan ng mga manggagawa ang mga karwaheng baka na puno ng tubó patungo sa rampa, kung saan may mga nagdidirekta ng mga tangkay sa gilingan para gumawa ng pulut. Ipinahihiwatig ng matamlay na paligid ang nangyayaring paghina ng industriya ng asukal sa Puerto Rico. Kasama sa mga salik ang pandaigdigang pagbagsak ng presyo ng asukal, abolisyon ng pang-aalipin sa isla noong 1873, at atrasadong teknolohiya ng industriya, kung ikokompara sa Cuba.

Matatagpuan sa Ponce, La Fortuna ang isang "sentral na gilingan" na nagpoproseso ng sarili nitong tubó pati na sa mga kalapit na plantasyon. Para sa Estados Unidos, ang pagkamkam sa Puerto Rico ay kumakatawan sa oportunidad na palawakin ang sarili nitong industriya ng asukal patungo sa isla.

Francisco Oller y Cestero (1833–1917)
Langis sa kambas, 1885
Brooklyn Museum; regalo ni Lilla Brown bilang pag-alala sa asawa niyang si John W. Brown, sa pamamagitan ng palitan



# *Mga Amerikanong Bumababa sa Ponce*
## *Hulyo 27, 1898*

Matapos ang pagdaong ng Estados Unidos sa Guánica noong Hulyo 25, 1898, nagpatuloy pasilangan ang mga tropa patungo sa timog na daungang lungsod ng Ponce, ang sentro ng politika at kabeserang pang-ekonomiya ng isla. Ang pintang ito ni Manuel Cuyàs Agulló, isang Katalanong artist, ng makinang na eksena sa daungan ay nagpapakita ng atmosperang malayong-malayo sa nakakakilabot na pakiramdam na dala ng *Pagpasok ng mga Hilagang Amerikano sa Guánica Bay (matatanaw malapit dito).*

Sa pamamagitan ng pagtatabi ng masiglang eksena sa isla sa harap at ng mga bapor pandigma ng Estados Unidos na nakalutang sa payapang tubig sa likod, nahuli ni Cuyàs Agulló ang maingat na optimismong naramdaman ng maraming Puerto Rican habang nasasaksihan nila ang pagdating ng puwersa ng Estados Unidos. Ibinatay ang pinta sa litratong kinuha malamang ng tubong Puerto Rico na si Frederic Ballell Maymí. Nagsanay bilang inhinyero (at bayaw ni Cuyás Agullò), tumira si Ballell Maymí sa kapitbahayan ng La Playa sa Ponce.

Manuel Cuyàs Agulló (aktibo c. 1850–1900)
Langis sa kambas, 1898
Museo de Arte de Ponce; The Luis A. Ferré Foundation, Inc., regalo nina José at Mary Jane Fernández



# Luis Muñoz Rivera
## 1859–1916

Si Luis Muñoz Rivera ay isang nangungunang tinig sa Partido Awtonomista ng Puerto Rico, na naghahabol ng pamamahalang pansarili sa ilalim ng pamumuno ng Espanya bago ang 1898. Matapos ang okupasyon ng Estados Unidos, mariin niyang tinutulan ang Batas Foraker ng 1900, na nagtatag ng pansamantalang pamahalaang sibil na may mga itinalagang opisyal ng Estados Unidos at kakarampot na partisipasyong lokal. Idineklara niya, "Nagagalak ang mga nag-imbento ng laberintong ito sa paulit-ulit na pagsasabi na hindi tayo handa [sa sariling pamamahala]."

Noong 1904, itinatag ni Muñoz Rivera ang Partido Unión de Puerto Rico, na sumuporta sa pagkontrol ng Puerto Rico sa mga lokal na usapin. Tuloy-tuloy na nanalo sa eleksiyon ang partido sa sumunod na dalawampung taon. Noong 1911, naging residenteng komisyoner siya ng Puerto Rico, ang di-bumubotong delegado ng isla sa Washington, D.C. Patuloy niyang isinulong ang higit na politikal na kalayaan at pagkakapantay-pantay para sa mga Puerto Rican hanggang sa kanyang pagpanaw. Ang larawang ito ni Muñoz Rivera, na ginamit ang U.S. Capitol bilang tanawin sa likuran, ay kinomisyon bilang pamburol na parangal ng Pangkat ng Kapulisang Insular, isang dibisyong tinulungan niyang itatag.

Fernando Díaz Mackenna (1873–1931)
Langis sa kambas, c. 1917
Instituto de Cultura Puertorriqueña



# *Ang Sangguniang Ehekutibo ng Administrasyon ni Charles H. Allen*

Ang Batas Foraker ng Abril 12, 1900 ang nagtalaga sa Puerto Rico ng unang pamahalaang sibilyan sa ilalim ng Estados Unidos. Ang Seksiyon 18 ng Batas ang nagtatag ng sangguniang ehekutibo na binubuo ng labing-isang miyembrong hinirang ng pangulo. Sa labing-isang miyembro, galing dapat sa Estados Unidos ang anim, at lima naman ang mula sa Puerto Rico.

Ipinapakita ng larawang ito ang sangguniang ehekutibo sa ilalim ng administrasyon ng unang gobernador sibil na si Charles H. Allen, na naglingkod mula Mayo 1, 1900 hanggang Setyembre 15, 1900. Ipinagpapalagay na kinuha ang larawang ito bandang Hunyo 28, nang magkita ang sanggunian sa unang pagkakataon sa mansiyong ehekutibo na La Fortaleza. Si William H. Hunt, na nakatayo sa kanan, ang nahalal na pangulo ng sanggunian at kalaunang sumunod kay Allen bilang gobernador sibil. Kasama sa limang Puerto Rican na miyembro ng sanggunian sina Rosendo Matienzo Cintrón, Manuel Camuñas, José Celso Barbosa, Andrés Crosas, at José de Diego.

Hindi tukoy ang potograpo
Reproduksiyon ng larawan mula 1900
Department of Anthropology, National Museum
of Natural History, Smithsonian Institution



# *Makabayang Abaniko ng Digmaang Espanyol-Amerikano*

Ang abanikong ito mula sa ikalabinsiyam na siglo ay nagtatampok ng larawan ng mga pinunong militar ng Estados Unidos sa kampanya sa Cuba. Isa itong pambihirang halimbawa kung paanong pinasikat ang mga pigurang ito sa kulturang konsumerista. Ang itinatampok na larawan, mula kaliwa papunta sa kanan: Theodore Roosevelt, John C. Watson, William R. Shafter, William McKinley, Charles Dwight Sigsbee, Winfield Schley, Robley Evans, at Richmond P. Hobson.

Gawa ang abaniko sa siyam na magkakahiwalay na dahong papel na nilinyahan ng tela at ikinabit sa patpat na kahoy. Nasa hugis ng pansy ang mga dahong papel, at may paumbok na ikinorteng talulot. Nagtatampok ang isa sa mga bulaklak ng inabstraktong watawat ng Estados Unidos sa isang panig at inabstrakto ring watawat ng Cuba sa kabila. Ayon sa *Oxford Dictionary of English*, noong 1899, ang ibig sabihin ng salitang "pansy" ay "kapansin-pansin at bantog na tao."

Hindi tukoy ang artist
Litograpiya, kahoy, at metal, c. 1898
Koleksiyon ni Kate Clarke Lemay




# *Pangkasaysayang Mapa ni Goff ng Digmaang Espanyol-Amerikano sa West Indies, 1898*

Kasama ang mga mapa sa pinakapopular na mga bagay na kinalakal ng industriya ng paglilimbag habang nagaganap ang at pagkatapos ng Digmaan ng 1898. Inilathala noong 1899, ipinapakita ng mapang ito ang Antilles, o ang West Indies, bilang arena ng militar na tagumpay ng Estados Unidos. Itinatampok ng timog na bahagi ng pilas ng Florida ang estratehikong lapit nitong mga islang Carribean sa Estados Unidos.

Ang mapa, na nakatuon sa Cuba at, sa mas mababang antas, Puerto Rico, ay nagbibigay ng napakadetalyadong impormasyon tungkol sa dalawang isla. Nagagabayan ang mga tumitingin sa mapa ng mga pangalan ng daungan, bayan, at lungsod, pati na ng mga lapagan ng Hukbong Pandagat ng Estados Unidos. Kung titingnan nang malapitan, may matutuklasang paglalarawan sa mga militar na tagumpay ng Estados Unidos, gaya ng mga binombang bayan at mga napuwersang pagsuko. Ang mga tanaw sa Kubanong look ng Havana at Santiago, pati na sa San Juan Bay ng Puerto Rico, ay naglalantad ng pagbibida ng Hukbong Pandagat ng Estados Unidos sa digmaang ito.

Fort Dearborn Publishing Company
Reproduksiyon ng guhit sa papel pagkit mula 1899
Courtesy of the Geography and Map Division,
Library of Congress, Washington, D.C.





## *Estratehikong Mapa ng Ating Pakikidigma sa Espanya*

Inilathala sa bandang dulo ng Mayo 1898, ipinoproklama ng mapang ito ang sarili bilang "Tanaw mula sa itaas sa ating Dakilang Paghihimagsik para sa Malayang Cuba." Isang tagibang na paghahalo, pinapakita nito ang silangang bahagi ng Estados Unidos, Espanya, at ang tatlong arena ng Digmaan ng 1898: Cuba, "Porto Rico," at ang mga Isla ng Pilipinas sa Pasipiko. Niresolba ng kartograpo ang problema sa pagsasama sa malayong kapuluan ng Pilipinas sa pamamagitan ng pagsisingit nito sa ibabaw ng Aprika. Dahil nagpapatuloy ang digmaan, kasama rin sa mapa ang buong listahan ng mga plota ng Estados Unidos at Espanya. Inekisan ang mga sasakyang Espanyol na nawasak sa Maynila para idiin ang kahinaan ng kalaban.

May kasamang pula, puti, at asul na aspile ang mapang ito para makasabay ang mga mambabasa sa balitang natatanggap bawat araw. Nang para bang may sariling silid pandigma sa kanilang tahanan, ginamit ng mga tao ang mapa para subaybayan ang mga kampanyang militar at planuhin ang pinakamahusay na galaw sa susunod.

War Map Publishing Company
Reproduksiyon ng litograpiyang may kulay, 1898
May pahintulot ng Geography and Map Division, Library of Congress, Washington, D.C.




# *Ang Magagaspang na Mangangabayo: Isang Laro*

Gamit ang kanyang serbisyong militar bilang puhunan para isulong ang kanyang karerang politikal, inilathala ni Theodore Roosevelt ang Magagaspang na Mangangabayo bilang aklat noong 1899. Pumatok ito, at dahil doon, naging inspirasyon ng mga kinokolektang bagay at laro sa kulturang popular gaya nito. Kahit na ginawang mas pamilyar ng mga ganitong laro ang digmaan, ibinunyag din ng mga ito ang pagiging hiwalay ng mga nasa Estados Unidos sa mga nasa dayuhang lugar ng labanan dahil ginawa nitong larong bata ang nakamamatay na pakikidigma.


Parker Brothers
Kardbord, kahoy, at metal, 1900
Hesburgh Libraries of Notre Dame, Rare Books and Special Collections Department




# *Mga kard galing sa seryeng Mga Bayani ng Digmaang Espanyol-Amerikano*

Itinatampok ng mga kard na ito ang larawan ng mga pinunong militar ng Estados Unidos at mga politikong aktibo noong Digmaan ng 1898. Bahagi ang mga ito ng mas malaking koleksiyon na inilabas malamang ng Sweet Caporal Cigarettes, isang popular na tatak sa Estados Unidos at Canada. Ang kompanyang ito ay kalaunang naging American Tobacco Company (ATC). Pagdating ng 1901, naging monopolyo na ng ATC ang industriya ng tabako, kabilang na iyong sa Cuba. Sa pagtutok nito sa Digmaan ng 1898, inilantad ng ATC ang pansarili nitong interes sa mga usaping Kubano.

American Tobacco Company
Mga litograpiyang may kulay, c. 1901
National Portrait Gallery, Smithsonian Institution




## *Palaisipang Pagkubkob sa Cuba*

Noong Abril 21, 1898, apat na araw matapos magdeklara ng digmaan ang Estados Unidos sa Espanya, inutusan ni Pangulong William McKinley ang Kagawaran ng Hukbong Pandagat na magsagawa ng pagkubkob sa hilagang baybayin ng Cuba. Pagkatapos, nagsagawa ng pangalawang pagkubkob sa Bay of Santiago sa timog, na naging susing entablado ng digmaan. Sa palaisipang ito, kinakatawan ng mga bolitas ang Hukbong Pandagat ng Estados Unidos. Iniimbitahan ang mga manlalaro na dumaong sa mga look ng Cuba habang umiiwas sa mga patibong ng Espanya.

Tablang may kristal, papel, kardbord, at bolitas, c. 1898
Koleksiyon ni Emilio Cueto



## *Ang Laro ng Digmaang Pandagat*

Ang larong ito ng pakikidigmang pandagat na nakadepende sa suwerte ay may kasamang mga piyesang hugis armadong krusero. Paiikutin ng mga manlalaro ang isang pihitan para mapagalaw ang kanilang sasakyan patawid sa isang tablero nang may layunin na lumapag sa Cuba, Puerto Rico, o Pilipinas para maitaas ang watawat ng Estados Unidos. Nakalisya ang mapa para maipakitang magkatabi ang Timog Florida at Hong Kong—na parehong daungang lunsaran ng mga puwersang pandagat ng Estados Unidos noong panahon ng digmaan.

Hindi tukoy ang lumikha
Kardbord, papel, at kahoy
Koleksiyon ni Emilio Cueto



## *Si Uncle Sam, Nakikidigma sa Espanya*

Ang larong tablerong ito, na nagtatampok ng mga guhit ng bantog na bapor mula sa plota ng Estados Unidos at armada ng Espanya, ay humahamon sa mga manlalaro na hulihin ang "kalaban" sa nagaganap na Digmaan ng 1898. Nagtatanghal ng mga arkitektural na mohon, ipinakete ang laro bilang nagpapakita ng mga larawang "ibinatay sa mga tunay na litrato." May pahayag din na ito ang "pinakaedukasyonal" na laro sa merkado.

Sa ilalim ng pamagat, mababasa sa pabalat na kahon, "Hayaan ang mga Amerikano na ipakita kung anong gagawin nila kapag sila ang nasa mga bapor pandigma ng Espanya." Pinalalabas nito, kung gayon, na resulta ng mga indibidwal na pagkakamali ang pagkatalo ng Espanya.

Rhode Island Game Company
Kardbord, metal, at nilimbagang papel, 1898
Koleksiyon ni Emilio Cueto




# *Mga May Kulay na Imahen ng Digmaan sa Cuba*

Kumain ng espasyo sa konsumeristang kultura ng Espanya ang Digmaan ng 1898, pero hindi ganoon kalaganap ang presensiya nito kompara sa nangyari sa Estados Unidos. Sa pagitan ng 1900 at 1920, ang kompanyang Katalano na Chocolate E. Juncosa ay naglakip ng mga cromo, o makulay na mga imahen, sa kanilang mga bara ng tsokolate bilang pakana sa pagbebentang nakatuon sa mga batang mamimili.

Naghahatid ng imahen ng matagumpay na Espanya, nagtatanghal ang serye ng tatlumpu't anim na de-numerong kard ng mga binyeta ng militar na tagumpay ng Espanya sa ikatlong Himagsikan ng Cuba para sa Kalayaan (1895–98) at sa Digmaan ng 1898. Ipinakita ang mga mambise, o rebeldeng Kubano, bilang kaapo-apuhan ng mga Aprikano, na nagpatibay sa takot ng mga Espanyol na magkaroon ng malayang republikang Itim.

Chocolate E. Juncosa
Mga de-kulay na litograpiya, 1900–20
Special Collections, Green Library,
Florida International University




# *Mga Rebolusyonaryong Pilipino*

Noong 1892, itinatag ni Andrés Bonifacio ang Katipunan sa Maynila matapos mapagbuklod ang mga kawani at artesano sa lungsod para lumaban sa mga Espanyol. Sa dulo ng Agosto 1896, libo-libong lalaki at babae ang handa nang maghimagsik laban sa Espanya. Nang isuplong ng isang tiktik sa mga Espanyol ang Katipunan, nagsimula ang rebelyon. Gayumpaman, sa simula ng 1897, gumuho na ang Himagsikang Pilipino dahil sa pagkakawatak-watak sa loob ng Katipunan.

Kahit pa nilayon ng Kumbensiyon sa Tejeros noong Marso 22, 1897 na pagkaisahin ang mga paksiyon, sa dulo ay pinatalsik ni Emilio Aguinaldo si Bonifacio, at bumoto ang kanyang mga tagasunod na palitan ang Katipunan ng Rebolusyonaryong Pamahalaan. Pinaslang si Bonifacio noong Mayo 10, 1897. Kalaunan noong taong iyon, umatras si Aguinaldo at ang kanyang mga tagasuporta mula Probinsiya ng Cavite patungo sa liblib na pook na Biak-na-Bato sa Probinsiya ng Bulacan. Doon, pumirma si Aguinaldo ng kasunduan ng tigil-putukan kung saan tumanggap siya ng amnestiya, 800,000 peseta, at pangako ng repormang Espanyol. Dito, nakapostura si Aguinaldo kasama ang kanyang mga tagasuporta noong ipinatapon siya sa Hong Kong (1897–98).

Hindi tukoy ang artist
Reproduksiyon ng larawan mula sa c. 1898
May pahintulot ng Archivo de Indias




# Krokis ng mga tanggulan sa Noveleta, malapit sa Cavite Nuevo at Dalahican, na itinayo ng mga rebelde sa Tulay ng Noveleta

Noong Agosto 1896, nagsimula ang Himagsikang Pilipino laban sa Espanya. Kahit na hindi masyadong nagtagumpay ang mga lumaban sa ilalim ni Andrés Bonifacio sa Maynila, mas matagumpay ang mga Pilipino sa timog. Nakuha ng mga sundalo ni Aguinaldo ang bayan ng Kawit sa Probinsiya ng Cavite, timog ng Maynila, pati na ang bayan ng Noveleta.

Samantala, abala si Ramón Blanco, ang Espanyol na gobernador ng Pilipinas noon, sa pag-organisa sa libo-libong sundalong Espanyol na ipinadala para palakasin ang kanyang puwersa, na mababa sa pitong libo ang bilang. Noong Nobyembre 7, 1896, naglunsad ang mga Espanyol ng kambal na atake, na kilala bilang Labanan sa Binakayan-Dalahican, kapwa laban sa Cavite el Viejo at Noveleta.

Ipinapakita ng mapang ito, na krokis ng mga depensibong taktika na ginawa ni Aguinaldo, ang ilog sa Cavite Nuevo at Dalahican. Naipanalo ng mga puwersa ni Aguinaldo ang unang mahalagang tagumpay laban sa 22,000 sundalong Espanyol na pinamunuan ni Blanco. Ang Labanan sa Binakayan-Dalahican ang nagtatag kay Aguinaldo bilang pinuno ng rebelyon.

Hindi tukoy ang artist
Reproduksiyon ng mapa mula 1897
May pahintulot ng Archivo General de Indias



# José Rizal
## 1861–1896

Ang optalmologo at manunulat na si José Rizal ang pinuno ng Kilusang Propaganda sa Pilipinas, na nagsimula noong dekada ng 1880. Komunsulta si Rizal at iba pang Pilipinong intelektuwal sa mga teksto mula sa ikalabimpitong siglo para higit na maunawaan ang relihiyon at kasaysayan ng mga Pilipino bago dumating ang mga Espanyol. Naglayon itong maka-Pilipinong kampanya na lubos na kilalanin ng Espanya ang Pilipinas bilang awtonomong probinsiya sa ibayong dagat, na nag-aambag ng sining, ideya, at pinuno.

Halos lahat ng gawain ng kilusan ay naganap lamang sa Espanya at tumagal lang ito hanggang dekada ng 1890, pero naging mahalagang hanay ito ng pagsalungat sa paglalarawan ng mga awtoridad na Espanyol sa mga Pilipino bilang "mga watak-watak na tribo," walang kakayahang pamunuan ang sarili, at mababang lahi.

Noong 1887, inilathala ni Rizal ang *Noli me tangere* (Huwag mo akong salingin), na bumatikos sa pamumuno ng mga Espanyol at sa mga tiwaling opisyal ng relihiyon. Makalipas ang siyam na taon, pinatay siya ng mga Espanyol sa salang rebelyon, sedisyon, at konspirasyon.

Ginawa ni Juan Luna ang larawang ito bilang parangal sa kanyang kaibigan at bilang paghanga sa kanyang katapangan.

Juan Luna (1857–1899)
Langis sa kambas, 1891
Koleksiyon nina Luis Antonio at Cecile Gutierrez



# *Sa Pilipinas—Pagsugod ng Bayoneta ng mga Tropa ng Estados Unidos*

Umaabot sa 250,000 ang konserbatibong taya sa bilang ng Pilipinong namatay sa digmaan. Gayumpaman, hanggang sa kasalukuyan, pinagdedebatihan pa rin ang bilang ng namatay sa Digmaang Pilipino-Amerikano dahil sa kakulangan ng komprehensibong talâ. Sukdulang makikita rito ang karahasan ng digmaan. Itinatampok ng pintang ito ang mga sundalo ng Estados Unidos na sumusugod sa isang burol at nagpapaputok ng mga riple nila habang isa-isang bumabagsak ang mga sundalong Pilipino sa likuran. Habang binubura ng eksena ang malaking bahagi ng pagkatao ng mga Pilipino sa pagkarikatura nito sa kanilang mukha, ang mga "Binatang Nakaasul" ng Estados Unidos ay ipinapakita bilang mga bayaning mandirigma.

Idiniriin ng komposisyon ang ilan sa mga rasistang tropong biswal na ginamit noong ikalabinsiyam na siglo. Sa itaas, sa burol, mahusay na itinututok at pinapaputok ng mga sundalong puti ang kanilang armas. Sa ilalim, nalilipol ang mga Pilipino.

Si Fredric Remington, na nagtrabaho bilang artist at mamamahayag sa Cuba noong Enero 1897 at noong tag-araw ng 1898, ay hindi tumapak kailanman sa Pilipinas.

Frederic Remington (1861–1909)
Langis sa kambas, 1899
Center of Military History, Museum Division,
U.S. Army



# Apolinario Mabini
## 1864–1903

Isang abogado at estratego, si Apolinario Mabini ay naging susi sa legal at konstitusyonal na pagbabalangkas ng rebolusyonaryong pamahalaan ni Emilio Aguinaldo. Unang nakipagtulungan si Mabini kay José Rizal, sa itinatag nitong La Liga Filipina na nagsulong ng dahan-dahang reporma at pag-iwas sa karahasan. Gayumpaman, pagdating ng 1897, naging tagasuporta ng Rebolusyong Pilipino si Mabini, at noong 1898, naging isa sa pinakamalapit na tagapayo ni Aguinaldo.

Naniwala si Mabini na isang matatag at sentralisadong pamahalaan lamang na sinusuportahan ng malakas na hukbo ang makakapagtiyak ng kalayaan, at tumanggi siyang makipanegosasyon sa Estados Unidos. Pagkatapos niyang mamatay sa epidemya ng kolera noong 1903, ginunita si Mabini bilang pinuno ng nasyonalismong Pilipino, at ang kanyang burol ang isa sa pinakamalaking dinaluhan ng mga Pilipino.

Ang postumong larawang ito, na likha ni Fabián de la Rosa y Cueto, ay malamang na ginawa para magkaroon ng panteon ng mga nasyonalistang Pilipino noong unang mga taon ng panahon ng kolonyalismong Amerikano. Naging kasangkapan ang paglikha ng larawan sa pagpupunyaging ito.

Fabián de la Rosa y Cueto (1869–1937)
Langis sa kambas, 1911
Pambansang Aklatan ng Pilipinas



# Emilio Aguinaldo
## 1869–1964

Matapos pamunuan ang Rebolusyong Pilipino (1896–97), pumirma si Emilio Aguinaldo ng kasunduan ng tigil-putukan noong Disyembre 14, 1897, tumanggap ng amnestiya, 800,000 Espanyol na pesetas (mga $5,000 ngayong 2023), at pangako ng reporma sa pamamahala ng Espanya. Ipinatapon sa Hong Kong, nagbalik siya sa Cavite noong Mayo 19, 1898, sakay ng isang sasakyang pandagat ng Estados Unidos.

Noong Hunyo 12, 1898, idineklara ni Aguinaldo at ng mga tagasunod niya na malayang estado na ang Pilipinas, pero hindi kinilala ng Estados Unidos ang soberanya ng bagong republika. Naipon ang tensiyon hanggang magsimula ang Digmaang Pilipino-Amerikano noong Pebrero 4, 1899.

Kalaunan, nahuli si Aguinaldo, at noong Abril 19, 1901, naglabas siya ng proklamasyon sa mga Pilipino na tanggapin ang Estados Unidos bilang bagong kolonyal na awtoridad. Gayumpaman, nagpatuloy ang mga puwersang gerilyang lumalaban sa Batangas at Laguna, pati na ang mga nasa Muslim na isla ng Mindanao at Sulu. Kalaunan, makikipagtulungan si Aguinaldo sa mga puwerang Hapones sa panahon ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig at tutulong sa kanila na mapaalis ang Estados Unidos sa Pilipinas.

Hindi tukoy ang potograpo
Limbag sa helatinang may pilak, 1901
History Nebraska



# Bulwagan ng Rebeldeng Kongreso, Malolos, Probinsiya ng Bulacan, Isla ng Luzon, Si Aguinaldo sa Upuan sa Entablado

Ang tagpuan ng larawang ito ay ang simbahan ng Barasoain sa Malolos, Bulacan. Kilala bilang "Simbahan ng Malolos," ginamit ito bilang tirahan, opisina, at punong-himpilan ni Emilio Aguinaldo. Doon, tinipon niya ang unang parlamentong Pilipino, ang Kongreso ng Malolos, noong Setyembre 1898. Hinugot ang mga miyembro ng grupo mula sa mga tagasuporta ni Aguinaldo sa Gitnang Luzon, kaya hindi naman talaga ito representatibong pagtitipon ng buong kapuluan.

Pinirmahan ang Kasunduan sa Paris noong Disyembre 10, 1898, at ibinenta ng Espanya ang Pilipinas sa Estados Unidos sa halagang $20 milyon bilang bahagi ng mga kondisyon (tinatayang $720 milyon ngayon). Ipinadala ni Aguinaldo sina Felipe Agoncillo at Juan Luna bilang kinatawan sa mga negosasyon sa kasunduan na magtatapos sa Digmaan ng 1898, pero hindi kinilala ng Estados Unidos ang mga Pilipinong diplomata. Hindi pinansin ni Aguinaldo ang kasunduan. Itinuon niya ang atensiyon sa pagtitipon ng kapangyarihan. Sa ilalim ng kanyang pagkapangulo, itinatag ng Kongreso ng Malolos ang Unang Republika ng Pilipinas noong Enero 22, 1899—anim na linggo matapos mapirmahan ang Kasunduan sa Paris.

Hindi tukoy ang artist
Reproduksiyon ng larawan mula 1898
May pahintulot ng National Museum of Natural History, Smithsonian Institution



# Felipe Agoncillo
## 1859–1941

Noong Agosto 7, 1898, ipinagkatiwala ni Emilio Aguinaldo sa Pilipinong abogadong si Felipe Agoncillo ang pagbiyahe sa Washington, D.C. para makakuha ng gampanin sa negosasyong pangkapayapaan sa ngalan ng Republika ng Pilipinas. Gayumpaman, tumanggi ang opisina ni Pangulong William McKinley na tanggapin si Agoncillo sa pangangatwirang hindi niya kinakatawan ang isang lehitimong pamahalaan.

Nagbiyahe naman si Agoncillo patungong Paris, kung saan umasa siyang makipagkita sa mga komisyoner na makikipagnegosasyon sa mga kondisyon ng kasunduang pangkapayapaan. Subalit muli siyang tinanggihan. Noong Disyembre 12, 1898, naglabas si Agoncillo ng opisyal na protesta ng Republika sa kasunduan. Isinulat niya:

> *Hinihingi ko...ang katuparan ng pormal na deklarasyon na ginawa ng mabunying William McKinley...na, sa pakikidigma, hindi siya ginagabayan ng anumang intensiyon ng pagpalawak ng teritoryo, kundi...ng tungkulin lamang na palayain ang mga sinusupil na mamamayan, at ng pagnanasang maihayag ang hindi maikakailang soberanya ng mga bansang pinalaya mula sa gapos ng Espanya.*

Félix Resurrección Hidalgo (1855–1913)
Langis sa kambas, 1899
Pambansang Koleksiyon ng Pinong Sining
ng Pambansang Museo ng Pilipinas



# *Modelong 1898 ng Ripleng Jorgensen ng Estados Unidos*

Habang nasa Pilipinas, umaawit minsan ang mga sundalo ng Hukbo ng Estados Unidos ng kantang may pabini, "Imulat sila gamit ang Krag." Ang ripleng Krag-Jorgensen, na may superyor na putok na walang usok, ang pinakaunang modernong riple na ginamit ng hukbo ng Estados Unidos sa Digmaan ng 1898. Kahit na kahanga-hangang armas ito, kailangan pa rin itong dahan-dahang kargahan ng bala, gamit ang kamay. Ibig sabihin, pinakaangkop ito para sa pagbaril na sadya at nakatutok nang husto. Sa kabilang dako, ginamit naman ng mga Espanyol at Pilipino ang ripleng Mauser na dinisenyo ng mga Aleman, na nakakargahan ng bala mula sa ibabaw ng magasin gamit ang trangkang pumipitik, isang prosesong di-hamak na mas mabilis at mas madulas.

Disenyo ni Ole H. J. Krag (1837–1916)
Riple, 1898
National Museum of Natural History,
Smithsonian Institution



## *Kris at Kahoy na Kaluban*

Ang espadang kris ay mula sa Isla ng Mindanao at sa kapuluan ng Sulu. Noong 1903, nangalap ng impormasyon si Kapitan John J. Pershing mula sa apatnapu't walong sultan at datu sa Lawa ng Lanao sa Mindanao. Nang tumangging magbigay ng impormasyon ang ilan sa mga pinunong ito, pinamunuan ni Pershing ang ilang mapagparusang ekspedisyon laban sa kanila, kasama na iyong pumatay sa isandaan at dalawampung miyembro ng sambahayan ng datu ng Bacolod. Kinumpiska ni George C. Shaw, isa sa mga sundalong nagsilbi sa ilalim ni Pershing, ang sandatang ito noong 1903. Ibinigay ni Shaw ang kris na ito sa Smithsonian Institution noong 1922.

Hindi tukoy ang artist
Pilak at garing, dulo ng siglo ng 1800
George Shaw Collection, Department of Anthropology,
National Museum of Natural History,
Smithsonian Institution




## *Petisyong Kaugnay ng Permanenteng Pamahalaan para sa Isla ng Guam*

Noong December 17, 1901, ang CHamoru, o ang Katutubong taumbayan ng Mariana Islands, kasama na ang Guam, ay nagpetisyon sa Kongreso ng karapatan para lumikha ng kinatawang pamahalaang papalit sa pangangasiwa ng Hukbong Pandagat ng Estados Unidos. Nagpapahayag ng katapatan sa Estados Unidos ang petisyon pero iginigiit nito na malaki ang kapintasan ng pamumunong pandagat.

Hinihiling ng petisyon ang pagbubuo ng komisyon para aralin ang pangangailangan ng taumbayan ng Guam na magtatag ng mga institusyong nakahulma sa "pamantayang Amerikano." Sa kabila ng lahat, hindi pinansin ng Kongreso ng Estados Unidos ang petisyon. Pito pang petisyon ang ipinasa—noong 1917, 1925, 1933, 1936, 1947, 1949, at 1950. Noong Agosto 1, 1950 lamang, nang pirmahan ni Harry S. Truman ang Batas Organiko ng Guam, napalitan ng pamahalaang sibilyan ang pangangasiwang pandagat.

Reproduksiyon ng dokumento mula 1901
May pahintulot ng National Archives and Records Administration, Washington, D.C.



# Atanasio Taitano Perez
## 1874–1950

Isa si Atanasio Taitano Perez sa tatlumpu't dalawang pumirma sa petisyon na makikita sa galeriyang ito. Mula sa pagtatrabaho bilang kawani at tagapagsalin para sa gumaganap na gobernador ng Estados Unidos noong 1899, umangat siya patungong katuwang na hukom sa Korte ng Pag-aapela sa Guam noong 1916, at sa iba pang posisyon. Ginamit ni Perez ang kanyang pampublikong katanyagan para ipahayag ang mga hangarin niya para sa politikal na kinabukasan ng Guam.

Noong 1925, sa pagbisita ng mga miyembro ng Kapulungan ng mga Kinatawan ng Estados Unidos, sinabi ni Perez:

> *Ang mga CHamoru ay hindi mamamayan o banyaga—tunay na wala silang bansa... Umaasa akong makikita ng Kongreso na nararapat na panatilihin ang aming pagpapahalaga at palakasin ang aming katapatan sa pamamagitan ng pagkakaloob sa amin ng titulong itatangi namin sa ibabaw ng lahat: Mga Mamamayan ng Estados Unidos.*

Namatay si Perez noong Abril 23, 1950, ilang buwan lamang bago pirmahan ni Pangulong Truman ang Batas Organiko ng Guam, na nagtatag ng pamahalaang sibil at nagkaloob ng pagkamamamayang Amerikano sa mga CHamoru.

Hindi tukoy ang potograpo
Reproduksiyon ng larawan mula sa c. 1900
May pahintulot ng Richard F. Taitano Micronesian Area Research Center




# Arsobispo Placide Louis Chapelle
## 1842–1905

Noong 1899, itinalaga ng Vatican si Arsobispo Placide Louis Chapelle bilang apostolikong delegado para makuha ang karapatan at ari-arian ng Simbahang Katolika sa Puerto Rico, Cuba, Pilipinas, at Guam.

Para sa mga tagapangasiwa ng teritoryo ng Estados Unidos, mahirap ipatupad ang paghihiwalay ng simbahan at estado sa mga lipunang dumanas ng ilang siglo ng impluwensiyang Katoliko. Ginawa ni Kapitan Richard P. Leary, ang unang opisyal na gobernador pandagat ng Guam, ang kontrobersiyal na desisyon ng pagtatanggal sa mga pampublikong relihiyosong pista at pagpapauwi sa mga paring Espanyol. Nagprotesta si Arsobispo Chapelle. Iginiit niyang laban sa mga kalayaang panrelihiyong ipinagkaloob ng Konstitusyon ng Estados Unidos ang mga utos ni Leary. Kalaunan, itinalaga ni Magat Heneral Elwell S. Otis si Magat Heneral Joseph Wheeler para siyasatin ang sitwasyon sa Guam. Kahit hindi naman nauwi sa pagbabalik ng mga paring Espanyol ang ulat ni Wheeler, ibinalik ng pumalit kay Leary na si Seaton Schroeder ang mga pampublikong selebrasyon.

Hindi tukoy ang artist
Langis sa kambas, hindi tukoy ang petsa
Office of Archives and Records, Archdiocese of New Orleans




# Padre José Torres Palomo
## 1836–1919

Ipinanganak sa Guam, nag-aral si José Torres Palomo sa Seminaryo ng San Carlos sa Cebu, Pilipinas, at inordena sa kapariang Katoliko noong 1859. Isang mahalagang kinatawan ng taumbayan ng Guam, siya ang unang CHamoru na paring Romano Katoliko. Tinawag siya ng mga lokal bilang Pale' Enko', at nagkaroon siya ng pangunahing papel sa mga lokal na usapin. Isinulong niya ang patas na pamamahala. Matatas sa anim na wika, tumayo siya bilang diplomata para sa Guam noong inililipat ang kolonyal na awtoridad mula Espanya patungong Estados Unidos. Ipinakilala niya si William Edwin Safford, ang unang Tinyente Gobernador ng Guam, sa *manak'kilo*, ang naghaharing uring *mestizo* (may dugong Espanyol at Katutubo) ng Hagåtña. Tinulungan niya rin si Safford sa pagbubuo ng diksiyonaryong CHamoru.

Sa ikalimampung taon ni Palomo sa kaparian, pinangalanan siyang Papal Chamberlain ni Papa Pius X bilang pagkilala sa mga nagawa niya para panatilihin ang Katolikong pananampalataya sa Guam, sa kabila ng pagkontra rito ng mga administrador ng Estados Unidos. Siya ang unang paring CHamoru na tumanggap ng ganitong karangalan.

Hindi tukoy ang potograpo
Reproduksiyon ng larawan, hindi tukoy ang petsa
May pahintulot ng Richard F. Taitano Micronesia Area Collection Research Center



GOVERNMENT HOUSE.

AGANA, GUAM, August 25, 1899.

GENERAL ORDER
No. 4.

Public celebrations of feast-days of the Patron Saints of villages, etc., will not be permitted. The Church and its members may celebrate their religious feast-days within the walls of the church, chapel or private residence, in accordance with regulations for the maintainance of the public peace, and, unless otherwise ordered, the only public holidays recognized will be Sundays, and the holidays authorized by the United States Statute Laws, and by the proclamations of His Excellency, the President of the United States.

RICHARD P. LEARY, U. S. N.,
GOVERNOR.


# *Ang Utos Pangkalahatan Blg. 4 ni Heneral Leary*

Bilang gobernador pandagat ng Guam, si Kapitan Richard P. Leary (*may larawan malapit dito*) ay nag-akda ng dalawampu't isang utos militar na sinadya para bawasan ang impluwensiyang Espanyol sa Guam. Labis na nagpahina sa lokal na kultura ang ilan sa mga ito. Halimbawa, noong Agosto 25, 1899, inilabas ni Leary ang Utos Pangkalahatan Blg. 4, na nagbabawal sa anumang pagdiriwang sa labas ng mga pader ng Simbahan sa mga araw ng Pistang Katoliko. Ipinatigil din nito ang nakagawiang arawang pagpapatunog sa mga kampana.

Sa isa pang kontrobersiyal na pagkilos, tinanggal niya ang mga natitirang paring Espanyol dahil pinayagan nila ang pagsasama nang hindi kasal. Mismong ang mga paring ito ay mayroon ding anak. Tumutol ang kanyang katuwang na si Tinyente William Edwin Safford (*may sinulat na aklat tungkol sa Guam na makikita malapit dito*) sa pagpapalayas niya sa mga pari.

Lima sa utos ni Leary ang tumugon sa problema ng disiplina sa mga marino at sundalo ng Estados Unidos na nakadestino sa Guam. Kasama na rito ang paglalasing sa publiko, pananakit sa sibilyan, bandalismo, at pag-iwan sa takdang estasyon nang walang pahintulot.

Kapitan Richard P. Leary (1842–1901)
Reproduksiyon ng dokumento mula 1900
May pahintulot ng Special Collections and Archives, Nimitz Library, U.S. Naval Academy


PROCLAMATION
TO
THE INHABITANTS OF GUAM
AND
TO WHOM IT MAY CONCERN:

## *Proklamasyon sa mga Naninirahan sa Guam*

Sa proklamasyong ito noong 1899, itinatag ni Captain Richard P. Leary (*may larawan malapit dito*) ang kontrol ng pamahalaang Estados Unidos sa Guam, nang may diin sa paghihiwalay ng simbahan at estado pati na rin sa pagpapasailalim sa awtoridad ng Estados Unidos. Kumbinsido na hindi kaya ng mamamayan ng Guam na pamahalaan ang kanilang sarili, pinamunuan ni Leary ang Guam nang may tumitinding paghihigpit.

Nang mabalitaan ni Magat Heneral Elwell S. Otis, ang nagpapatakbo noon ng kampanya sa Pilipinas, ang tungkol sa hindi maayos na militar na pamumuno ni Leary, ipinadala niya si Magat Heneral Joseph Wheeler para imbestigahan ang sitwasyon sa Guam. Sa pagbisita ni Wheeler, nag-organisa si Padre José Torres Palomo (*may larawan malapit dito*) ng petisyon para maitalaga si Tinyente William Edwin Safford (*sumulat ng aklat na makikita malapit dito*) bilang gobernador. Sa halip, pinalitan ni Kumander Seaton Shroeder si Leary noong Hulyo 1900.

Kapitan Richard P. Leary (1842–1901)
Tinta sa papel, 1899
May pahintulot ng Special Collections and Archives,
Nimitz Library,
U.S. Naval Academy




# Kapitan Richard P. Leary
## 1842–1901

Sa loob ng halos walong buwan matapos makuha at makontrol ng Estados Unidos ang Guam mula sa mga Espanyol, nagsalitan ang pamamahala rito sa pagitan ng mga tapat sa Espanya at mga nakapagtrabaho sa umiikot na listahan ng mga kapitang pandagat ng Estados Unidos. Pagdating ni Kapitan Richard Leary ng USS *Yosemite* noong Agosto 7, 1899, naging kauna-unahan siyang opisyal na gobernador pandagat ng Guam.

Nagtapos si Leary noong 1864 mula sa Akademya ng Hukbong Pandagat ng Estados Unidos. Bilang gobernador ng Guam, naglabas si Leary ng dalawampu't isang utos militar (*makikita malapit dito*). Nagresulta ang mga ediktong ito sa imbestigasyon ng kanyang mga nakatataas na opisyal. Isa sa kanila ang nag-ulat na "malinaw na maituturing na pagpapahirap ang mga utos kaugnay ng relihiyon at hindi kanais-nais para sa mayorya ng taumbayan." Nagtapos ang pagkakatalaga kay Leary noong Hulyo 1900.

Hindi tukoy ang artist
Larawan, hindi tukoy ang petsa
May pahintulot ng Special Collections and Archives, Nimitz Library,
U.S. Naval Academy




# *Ang mga Kapaki-pakinabang na Halaman sa Isla ng Guam*

Si Tinyente William Edwin Safford ang katuwang ni Kapitan Richard P. Leary, ang gobernador pandagat ng Guam. Sa kanyang taon sa Guam, sinisayat ni Safford, isang etnologo, ang isla at ang mga kaugalian nito. Para magabayan sa mga lokal na usapin, lumapit siya sa kanyang matalik na kaibigang si Padre José Torres Palomo (*may larawan malapit dito*).

Si Safford ang naglathala ng unang tekstong Ingles tungkol sa wikang CHamoru, na inialay niya kay Padre Palomo. *Ang mga Kapaki-pakinabang na Halaman sa Isla ng Guam*, na makikita rito, ay tumatalakay rin sa kasaysayan, kultura, at maging botanika ng CHamoru. Kalaunan, magsisilbi si Safford bilang tagapangasiwa sa National Herbarium sa Washington, D.C.

William Edwin Safford (1859–1926)
Government Printing Office, Washington, D.C., 1905
Smithsonian Libraries and Archives




## *Ang Ating mga Isla at Kanilang Taumbayan sa Pananaw ng Kamera at Lapis*

Nasa apatnaraang kopya nitong aklat na may dalawang tomo ang naibenta. Layunin nitong imapa at igiit ang bagong imperyo at ipakilala sa mga mambabasa ang "mga bagong pag-aari" ng bansa: Puerto Rico, Hawai‘i, Pilipinas, at Guam. Pinapatungkulan din ng publikasyon ang Samoa Islands. Inangkin ng Estados Unidos ang mga isla nito sa silangang longhitud 171 degri noong 1899. Sa pagpapares ng potograpiyang landscape at portrait sa datos ng mga obserbasyon ng militar ng Estados Unidos, ipinapakita ng Ang Ating mga Isla ang mga kolonyal na suheto bilang "iba" na nangangailangan ng politikal na pagtuturo mula sa Estados Unidos.

José de Olivares
N. D. Thompson Publishing Company, 1899
Koleksiyon ni Dr. Laura Katzman



# *Ang mga Mananakop (Culebra Cut, Panama Canal)*

Noong 1903, sa mga negosasyong pinamunuan ni Theodore Roosevelt, pinagkalooban ng bagong bansang Panama ang Estados Unidos ng lupain para sa isang iminumungkahing kanal. Sa pag-uugnay nito sa Dagat Atlantiko at Pasipiko, siniguro ng Panama Canal ang kapangyarihang pandagat ng Estados Unidos.

Ang pagtatayong pinangasiwaan ng Estados Unidos para sa $352 milyong proyekto (nasa $11 bilyon ngayon) ay nagsimula noong 1904, nang simulan ng mga tripulante mula sa West Indies at iba pang bansa ang pag-ukit sa 100 milyong metro kubiko ng bato at lupa. Biswalisasyon ang pintang ito ng isang bahagi ng siyam na milyang hiwang ginawa sa Culebra Mountain at nagtatampok ng mga manggagawa, mga panghukay na pinaaandar ng singaw, at isang locomotive, pati na mga hydraulic na pandurog ng bato.

Mahigit 5,600 buhay ang nawala habang ginagawa ang kanal bago ito nakompleto noong 1914. Lumikha ang nabuong Canal Zone ng pagkahati sa Republika ng Panama, dahil ang maaari lang tumira rito ay mga empleyado ng kanal, militar ng Estados Unidos, at kanilang mga pamilya. Itinuring ng Estados Unidos ang Panama Canal Zone bilang hindi ingkorporadong teritoryo hanggang 1979.

Jonas Lie (1880–1940)
Langis sa kambas, 1913
The Metropolitan Museum of Art; George A. Hearn Fund, 1914





# "Edisyong Pasinaya," *Harper's Weekly*

Noong Marso 4, 1901, sa araw ng ikalawang pagpapasinaya kay Pangulong William McKinley, naglathala ang *Harper's Weekly* ng komemoratibong isyu na may mga artikulo tungkol sa mga seremonya at pagdiriwang. Idiniin ng pabalat ang mga temang nangibabaw sa unang termino ni McKinley bilang pangulo—polisiyang panlabas at pagpapaunlad ng industriya. Itinatampok sa apat na gilid ang apat na pananggang kalasag na kumakatawan sa mga lupaing kasama sa mga hidwaan ng 1898: Pilipinas, "Porto Rico," at "Hawaii," nang may pagkaligta sa Guam.

May pinalamutiang kalbong agila na matagumpay na ipinapalibot ang pakpak sa paligid ng U.S. Capitol. Nakapisil ang mga kuko nito sa apat na pulang tunod, mga simbolo ng pakikidigma, at sa apat na kinakatawang isla. Iniilawan ng nag-aapoy na dilaw na likuran ang Capitol, isang simbolikong pagsasabanal ng sentral na papel ng Washington D.C. sa mga usaping pambansa at pandaigdigan. Pinapalamutian ang ibaba ng komposisyon ng silweta ng mga industriyal na pabrika at umuusok na tsimineya. Ang resultang ikonograpiya ng imperyal at industriyal na lakas ay nagpakilala ng bagong pandaigdigang papel para sa Estados Unidos.

Hindi tukoy ang artist
Pabalat ng *Harper's Weekly*, Marso 4, 1901
Koleksiyon ng U.S. House of Representatives



## *Mga Komisyoner mula sa Cuba, Pilipinas, at Puerto Rico, sa Washington, D.C.*

Pinirmahan ng mga kinatawan mula Espanya at Estados Unidos ang Kasunduan sa Paris noong Disyembre 10, 1898, na siyang tumapos sa Digmaan ng 1898. Hindi kasama sa mga negosasyon ang mga taumbayang nakapusta ang kinabukasan. Gayumpaman, bago iratipika ng Senado ang Kasunduan noong Pebrero 6, 1899, nagbiyahe patungong Washington, D.C. ang mga komisyoner mula sa Cuba, Pilipinas, at Puerto Rico para hingin ang partisipasyon sa proseso. Bagaman dokumentado sa mga pahayagan ang mga pangyayaring ito, bihirang mabanggit sa mga talang pangkasaysayan ang kanilang pagbisita.

Ang pangkatang larawang ito ay dokumentasyon ng kanilang biyahe sa kabesera. Nakaupo mula kaliwa pakanan sina Ramón Villalón Sánchez (1864–1938), mula sa Cuba; Felipe Agoncillo (1859–1941), mula sa Pilipinas; at Eugenio María de Hostos (1839–1903) at José Julio Henna (1848–1924), parehong mula sa Puerto Rico. Nakatayo sa likod, pangatlo mula sa kanan, ang Pilipinong artist na si Juan Luna (1857–1899). Gayumpaman, nabigo ang kanilang hangaring makasama sa mahahalagang pagpapasiya.

Hindi tukoy ang potograpo
Reproduksiyon ng larawan mula 1899
May pahintulot ng Eugenio María de Hostos and Eugenio Carlos de Hostos Papers, Manuscript Division, Library of Congress, Washington, D.C.



# Reyna Liliʻuokalani
## 1838–1917

Matapos ang isang bigong paghihimagsik ng mga Royalista noong 1896, nagpalipas ng walong buwan si Reyna Liliʻuokalani sa ilalim ng house arrest sa ʻIolani Palace bago siya inilipat sa pangalawang lokasyon, ang Washington Place. Binigyan siya ng kalayaang magbiyahe sa loob ng isla ng Oʻahu noong Pebrero 6, 1897. Matapos palipasin ang dalawampu't isang buwan sa limang taong sentensiya, pinagkalooban siya ng buong kapatawaran ng sangguniang ehekutibo ng Republika. Sandali lang matapos ito, ginawa ni Liliʻuokalani ang una sa maraming biyahe patungong Washington, D.C., umaasa na makakukuha ng suporta sa pagpapanumbalik ng kanyang monarkiya.

Noong 1908, muling nagbiyahe si Reyna Liliʻuokalani patungong kabesera ng Estados Unidos para humarap sa Komite ng mga Daing ng Kamara at makiusap na ibalik sa kanya ang mga Koronang Lupain ng Hawaiʻi. Iginiit niya na ang mga lupaing ito, na kinuha ng pamahalaan ng Estados Unidos, ay dating nagdadala sa kanya ng taunang kitang $50,000. Humingi rin siya ng reparasyong $200,000. Gayumpaman, hindi pinagbigyan ang kanyang apela.

Kinuha ang larawang ito sa Harris & Ewing Studio sa Washington, D.C., na kilala sa pagkuha ng larawan ng mga lokal na elite.

Harris & Ewing Studio (aktibo 1905–1977)
Limbag sa helatinang may pilak, c. 1908
National Portrait Gallery, Smithsonian Institution;
regalo ni Aileen Conkey



# *Taunang Mensahe ni Theodore Roosevelt sa Kongreso para sa 1904 (Susog Roosevelt sa Doktrinang Monroe)*

Bilang ikadalawampu't anim na pangulo ng Estados Unidos, natatangi ang posisyon ni Theodore Roosevelt para gawing isang kapangyarihang pandaigdig ang Estados Unidos. Noong 1904—sa parehong taon na sinimulan ng kanyang pamahalaan ang konstruksiyon ng Panama Canal—tinugunan niya ang banta ng interbensiyong Europeo sa Dominican Republic sa pamamagitan ng paglalabas ng "Susog Roosevelt sa Doktrinang Monroe."

Binago ng proklamasyong ito ang pasibong wika ng Doktrinang Monroe ng 1823, na umangkin sa mga Amerika bilang saklaw ng impluwensiya ng Estados Unidos ngunit walang binanggit na espesipikong estratehiya. Iginiit ng Susog Roosevelt ang karapatan na aktibong mamagitan. Sa kahabaan ng mga unang dekada ng ikadalawampung siglo, pinangatwiranan ng Susog ang paggamit ng puwersang militar ng Estados Unidos sa Cuba, Dominican Republic, Haiti, Nicaragua, Panama, at iba pang bansa para tiyaking linyado sa ideolohiya at ekonomiya ng Estados Unidos ang mga bansang ito.

Theodore Roosevelt (1858–1919)
Reproduksiyon ng dokumento mula 1904
May pahintulot ng National Archives and Records Administration, Washington, D.C.



# Theodore Roosevelt
## 1858–1919

Matapos ang asasinasyon kay Pangulong William McKinley noong 1901, mabilis na tumapak sa papel ng punong kumander si Bise Presidente Theodore Roosevelt. Habang itinatatag ng mga mambabatas at kolonyal na administrador ang pamumuno sa ibayong dagat, pinalawig naman ni Roosevelt at ng kanyang administrasyon ang mga nakamit noong Digmaan ng 1898. Nakuha nila ang pangangasiwa ng Estados Unidos sa mga usaping Kubano noong 1901 at nagdeklara ng pagtatapos sa Digmaang Pilipino-Amerikano noong 1902. Bilang pagpoposisyon sa Estados Unidos sa sentro ng pandaigdigang kalakalan at impluwensiya, sinimulan ng administrasyon ni Roosevelt ang konstruksiyon ng Panama Canal.

Sa simula ng 1903, nagbiyahe si John Singer Sargent mula sa Boston para ipinta ang opisyal na larawan ni Roosevelt. Pinahirapan si Sargent ng maikling pasensiya ng presidente. Sa isang sesyon sa pagpostura, hindi sadyang nahanap ni Sargent ang perpektong postura, nang lingunin siya ng iritableng si Roosevelt habang nasa hagdan ito at nagrereklamo sa bagal ng pagpapasiya ng pintor. Ang depiksiyon ni Sargent sa matangkad na si Roosevelt, na nakapisil sa poste ng hagdan, ay nagpapakita ng dominante, alisto, at determinadong pagkatao ng pangulo.

John Singer Sargent (1856–1925)
Langis sa kambas, 1903
White House Collection




# *Itinaas ang Watawat ng Estados Unidos sa Las Cabezas de San Juan, Puerto Rico, Agosto 1898*

Ang pagbababa sa watawat ng Espanya at pagtataas sa watawat ng Estados Unidos ay ritwal ng pag-aari, na nagpapahiwatig ng transisyon patungo sa soberanya ng Estados Unidos. Ito ang pinakamalinaw na simbolo ng pagpapalawak ng teritoryo ng Estados Unidos. Relikya ng ritwal na iyon ang watawat na ito.

Sa mga linggong nakapaligid sa pagsalakay sa Puerto Rico, itinaas ng militar ng Estados Unidos ang watawat na ito sa parolang *Las Cabezas de San Juan* sa bayan ng Fajardo sa hilagang silangan ng isla. Sa apatnapu't limang bituin nito na kumakatawan sa bilang ng estado noon, pinalulutang ng watawat ang tanong na kung nasa ilalim na ng parehong watawat ang Puerto Rico at ang ibang lupain, kalaunan ba ay magiging estado rin ang mga ito ng unyon?

Noong Abril 2, 1900, habang nagmumuni sa mga "bagong pag-aari," tinanong ng Senador mula sa Wisconsin na si John C. Spooner, "Sinusundan ba ng Konstitusyon ang watawat?" Naging sentral ang ideyang ito sa mga *Kasong Insular* ng Korte Suprema habang tinutukoy ng Estados Unidos kung paano nito pangangasiwaan ang mga bagong teritoryo.

Hindi tukoy ang lumikha
Tela, c. 1898
The Robert von Stolberg de Acosta Foundation




*Kasunduan sa Pagitan ng Estados Unidos at Republika ng Cuba na Kumakatawan sa mga Probisyong Magtatakda ng Kanilang Kinabukasang Ugnayan Batay sa Nakasaad sa Batas ng Kongreso na Inaprubahan noong Marso 2, 1901 (Ang Amyendang Platt)*

Noong Abril 1898, ilang politiko sa Estados Unidos, sa pangambang ang pakikidigma sa Espanya ay maging landas patungong ekspansyonismo, ang nagtiyak sa Amyendang Teller. Isa itong paninindigan mula sa pamahalaan ng Estados Unidos na hindi nito hahabulin ang pag-angkin sa Cuba pagkatapos ng digmaan, bilang paggalang sa pagnanais nito sa kalayaan. Tatlong taon matapos ang okupasyon ng pamahalaang militar ng Estados Unidos sa Cuba, binuo ng Kalihim ng Digma ng Estados Unidos na si Elihu Root ang Amyendang Platt para panatilihin ang impluwensiya sa isla.

Iniharap sa Kongreso ni Senador Orville H. Platt, binigyan ng amyenda ang Estados Unidos ng karapatang mamagitan sa mga usaping Kubano. Tiniyak din nito ang kakayahan ng Estados Unidos na umupa ng lupain sa Cuba para sa estasyon ng uling at kampong pandagat. Kahit na mariing prinotesta ng mga Kubano, iniharap ang Amyendang Platt sa konstitusyonal na kumbensiyon ng mga Kubano bilang kondisyon sa pagtatapos ng militar na okupasyon ng Estados Unidos.

Elihu Root (1845–1937)
Orville H. Platt (1827–1905)
Reproduksiyon ng dokumentong inaprubahan noong Marso 2, 1901
May pahintulot ng National Archives and Records Administration, Washington, D.C.


AN ACT

## *Batas Jones-Shafroth na Isinabatas ng ika-64 na Kongreso ng Estados Unidos, Pinirmahan ni Pangulong Wilson*

Tinangka ng mga politikong sina William A. Jones at John Shafroth na magpasa ng panukalang batas na magbibigay sa mga residente ng Puerto Rico ng pagkamamamamayan sa Estados Unidos. Gayumpaman, nangamba ang mga mambabatas na baka tumuloy ito sa pagpapalawig ng karapatan sa Pilipinas. Nagbababala na "hindi namin gustong isuko ang ating sibilisasyon," noong 1901, iginiit ng plataporma ng Partido Demokratiko: "Ang mga Pilipino...ay hindi maaaring maging suheto nang hindi nagdadala ng panganib sa ating anyo ng pamahalaan." Sa kabila nito, noong 1914, nadagdagan ng pagkakompleto sa Panama Canal at ng pangangalap para sa Unang Digmaang Pandaigidg ang halaga ng Puerto Rico.

Pinirmahan ni Pangulong Woodrow Wilson ang Batas Jones-Shafroth noong Marso 2, 1917, na nagkaloob ng pagkamamamamayan sa mga Puerto Rican. Gayumpaman, patuloy na ang pangulo ng Estados Unidos ang nagtatalaga sa mga politikal na opisina, kasama na ang gobernador, sa Puerto Rico—at nanatili ang kapangyarihan nitong magbeto ng mga batas na ipinasa ng lokal na lehislatura.

William Atkinson Jones (1849–1918)
John F. Shafroth (1854–1922)
Reproduksiyon ng dokumento mula 1917
May pahintulot ng National Archives and Records Administration, Washington, D.C.




# John Marshall Harlan
1833–1911

Kampeon ng karapatang sibil, si Hukom John Marshall Harlan ang nag-iisang sumalungat sa "hiwalay pero pantay" na kasong *Plessy v. Ferguson* (1896), na nagbaba ng hatol na legal ang pagbubukod batay sa lahi. Kalaunan, noong 1901, sumalungat si Harlan sa *Downes v. Bidwell*, na nagbago sa oryentasyon ng teritoryal na polisiya ng Estados Unidos. Sa kasong ito, naging hatol ng mayorya sa Korte Suprema na konstitusyonal ang mga taripa sa kalakal sa Batas Foraker dahil "wala naman sa Estados Unidos" ang Puerto Rico at kung gayon, maituturing itong "banyaga sa domestikong pag-unawa." Kalaunan, itinalaga ang Puerto Rico bilang teritoryong "di-ingkorporado," isang bagong legal na pagtatanging nilikha ng Korte na nagsasaad na hindi kaagad mailalapat ang konstitusyon sa teritoryo.

Sa isang serye ng magkakasabay na kaso, na kolektibong tinatawag na mga *Kasong Insular*, inilapat din itong bagong teritoryal na polisiya sa Pilipinas at Guam. Nananatili ang *Downes v. Bidwell* na pinakakonsekuwensiyal na alinsunuran sa mga kaso sa Korte Suprema na kaugnay ng teritoryal na polisiya ng Estados Unidos.

Charles D. Mosher (1829–1897)
Limbag sa albumen na may pilak, c. 1880
National Portrait Gallery, Smithsonian Institution;
regalo ni Ben Shneiderman




## *Ang Bagong Klase ni Uncle Sam sa Sining ng Pamamahala sa Sarili*

Sa pagtatapos ng Digmaan ng 1898, hindi malinaw kung paano mangyayari ang ingkorporasyon ng Puerto Rico, Pilipinas, Hawai'i, at Guam sa Estados Unidos. Habang may mga politikong nasasabik na magtatag ng mga ruta ng kalakalan na dadaan sa mga bagong teritoryo, may iba namang nangangamba sa pag-angkin sa mga lupaing tinitirhan ng mga taong may iba't ibang lahi, wika, at kultura. Iginiit ng mga ekspansiyonista na dapat buhatin ng Estados Unidos ang "pasanin ng mga puti" na magturo sa iba tungkol sa "sining ng pamamahala sa sarili."

Nailalantad ang ganitong mga baluktot na pananaw sa pabalat na isyung ito ng *Harper's Weekly.* Sa karikaturang ito, si Uncle Sam lamang ang nasa hustong gulang sa silid-aralan, habang isinasatao ang mga bagong teritoryo bilang bata.

William Allen Rogers (1854–1931)
Tuldok-tuldok na limbag sa papel
*Harper's Weekly,* Agosto 27, 1898
Pribadong koleksiyon



## *Ang Magagaspang na Mangangabayo ni Roosevelt*

Ang Digmaan ng 1898 at ang sumunod ditong Digmaang Pilipino-Amerikano ang mga unang hidwaang militar ng Estados Unidos na naisapelikula. Nagprodyus ng pelikula sa Orange, New Jersey ang Edison Manufacturing Company at American Mutoscope & Biograph Company. Habang may mga pelikulang gumamit ng aktuwal na kuha mula sa Estados Unidos, Cuba, at Pilipinas, may iba namang itinanghal bilang pagsasadula sa mga labanan o pagmartsa ng mga sundalo. Ganito ang lagay ng pelikulang ito, na nagpapakita sa Magagaspang na Mangangabayo ni Theodore Roosevelt na sumusugod papunta sa kamera.

Ibinigay ang bansag na "Magagaspang na Mangangabayo" sa Unang Boluntaryong Kabalyeriya ng Estados Unidos, na nakipaglaban sa Cuba sa ilalim ng pamumuno ni Roosevelt. Masugid na sinubaybayan ng mga mamamahayag ang kanilang papel sa mga labanan sa Las Guásimas at sa San Juan Hill sa silangang Cuba, na siyang nagpatibay sa kanilang popularidad sa publiko ng Estados Unidos.

American Mutoscope and Biography Company
(aktibo 1895–1916)
Itim-at-puting pelikula, 1898
Haba: 25 segundo
Mga materyal pampelikula sa artsibo mula sa mga koleksiyon ng Library of Congress, Washington, D.C.